PAHAYAG ng KANYANG PAGDATING

BANAL NA KASULATAN

BILANG #76 Yahweh, ipakita mo na ang pag-ibig mong wagas; kami ay lingapin at sa kahirapan ay iyong iligtas - Awit 85:7

Pamanhik Para sa Habag ng Diyos

ni Richard Owen Roberts

Buksan natin ang aklat ng Genesis kapitulo 18: *"Napakita si Yahweh kay Abraham sa Mamre sa may sagradong mga punongkahoy. Noo'y kainitan ng araw at nakaupo siya sa pintuan ng kanyang tolda. Walang anu-ano'y may nakita siyang tatlong lalaking nakatayo. Patakbo siyang sumalubong, yumukod nang halos sayad sa lupa ang mukha, at sinabi: "Mga ginoo, kung inyong mamarapatin, magtuloy po kayo sa amin."*

Sila'y tumugon, "Salamat, ikaw ang masusunod."

Si Abraham ay nagdudumaling pumasok sa tolda at sinabi kay Sara, "Madali ka, kumuha ka ng tatlumpung librang harina, at gumawa ka ng tinapay." Pumili naman siya ng isang matabang guya sa kulungan, at ipinaluto sa isang alipin. Kumuha rin siya ng keso at sariwang gatas at inihain sa mga panauhin kasama ang nilutong karne. Hindi siya lumalayo sa tabi ng mga panauhin habang sila'y kumakain.

Samantalang sila'y kumakain, tinanong nila si Abraham: "Nasaan ang asawa mong si Sara?"

"Nandoon po sa tolda," tugon naman nito.

Sinabi ng panauhin, "Babalik ako sa isang taon, sa ganito ring panahon, at pagbabalik ko'y may anak na siya."

Nakikinig naman noon si Sara sa may pintuan sa kanyang likuran. Silang mag-asawa'y kapwa matanda na at hindi na dinaratnan si Sara. Napatawa ito nang lihim at ang wika, "Ngayon pa namang ako'y lanta na at laos na ang aking asawa, saka pa ba kami magkakaanak?"

Bakit natawa si Sara, at sinabi pang ngayong tumanda siya'y saka magkakaanak?" tanong ni Yahweh. "Mayroon bang di maaari sa akin? Tulad ng sinabi ko, babalik ako sa isang taon at pagbalik ko'y may anak na siya."

Dahil sa takot, tumanggi si Sara at ang wika, "Hindi po ako tumawa."

Ngunit sinabi niya, "Huwag ka nang magkaila, talagang tumawa ka."

Nang umalis ang tatlong lalaki, inihatid sila ni Abraham sa labasan. Umahon sila sa isang dako na natatanaw ang Sodoma. Sinabi ni Yahweh, "Hindi ko dapat ilihim kay Abraham ang aking gagawin, yamang pinili ko siyang maging ama ng isang makapangyarihang bansa. Lahat ng lahi sa daigdig ay pagpapalain ko sa pamamagitan niya. Pinili ko siya upang ipasunod niya sa kanyang lahi ang aking mga utos, sa pamamagitan ng paggawa nang matuwid at pagpapairal ng katarungan. Sa gayo'y matutupad ko ang aking pangako sa kanya."

Kaya't sinabi pa ni Yahweh, "Katakut-takot na ang sumbong sa akin laban sa Sodoma at Gomorra, at napakalaki ng kanilang kasalanan. Paroroon ako at aalamin ko kung ito'y totoo."

Umalis ang mga lalaki at nagpunta sa Sodoma, ngunit nanatili si Yahweh sa tabi ni Abraham. Itinanong ni Abraham, "Lilipulin po ba ninyo ang lahat ng tao, may kasalanan man o wala? Sakaling may limampung matuwid sa lunsod, wawasakin po ba ninyo iyon? Hindi ba ninyo patatawarin ang lunsod dahil sa limampung iyon? Naniniwala akong hindi ninyo idaramay ang mabubuti. Hindi ninyo gagawin iyon sapagkat kung ganito ang mangyayari, parehong magdurusa ang masama at mabuti. Hindi ito mangyayari! Makatarungan ang Hukom ng buong daigdig!"

At tumugon si Yahweh, "Hindi ko ipahahamak ang lunsod dahil sa limampung matuwid."

"Ipagpaumanhin po ninyo ang aking kapangahasan," wika ni Abraham, "wala po akong karapatang magsalita sa inyo, pagkat alabok lamang ako. Kung wala pong limampu, at apatnapu't lima lamang ang matuwid, wawasakin ba ninyo ang lunsod?"

"Hindi, hindi ko wawasakin dahil sa apatnapu't limang iyon," tugon ni Yahweh.

Nagtanong na muli si Abraham, "Kung apatnapu lamang?"

"Hindi ko wawasakin ang lunsod dahil sa apatnapung iyon," tugon sa kanya.

"Huwag sana kayong magagalit, magtatanong pa ako. Kung tatlumpu lamang ang taong matuwid doon, hindi rin ninyo wawasakin?"

Sinagot siya, "Hindi ko wawasakin ang lunsod dahil sa tatlumpung iyon."

Sinabi pa ni Abraham, "Mangangahas po uli ako. Kung dalawampu lamang ang matuwid na naroon?"

"Hindi ko pa rin wawasakin ang lunsod dahil sa dalawampung iyon," muling tugon sa kanya.

Sa katapusa'y sinabi ni Abraham, "Ito na po lamang ang itatanong ko: Kung sampu lamang ang matuwid na naroon?"

"Hindi ko pa rin wawasakin ang lunsod dahil sa sampung iyon," tugon ni Yahweh.

Pagkasabi nito, umalis na siya at umuwi naman si Abraham.

Ang ating Pamanhik sa Diyos

Panginoon, alam po naming Kayo ang Diyos ni Abraham, Isaac, at Jacob. Alam po naming Kayo ang Diyos na nagsabi patungkol sa Inyong sarili, "Hindi Ako nagbabago." Hindi po namin tatangkaing hingin na iligtas mo kami o ang alinpamang bansa sa daigdig dahil kami ay karapatdapat. Inaamin po namin sa Inyo na ang aming kasalanan ay kasimbigat ng kasalanan ng Sodoma. Damang-dama po namin sa ilang pagkakataon kung gaano kami karapatdapat para sa Inyong poot. Nagtataka kami kung bakit hindi kami ibinulid sa impiyerno noon pa mang mga nakalipas na taon. Wala po kaming maaaring angkinin para matamo ang Inyong habag. Inaamin po namin sa Inyo nang walang pasubali na talagang kami ay makasalanang karapatdapat sa poot ng Diyos.

Ngunit sa kabilang banda, alam namin na kami'y nagsitanggap ng habag ng Panginoong Jesu-Cristo. Tagos sa puso namin ang pagkaalam na si Jesu-Cristo ay namatay para sa amin - na wala kaming anumang katuwiran sa ganang sarili namin, kundi Siya ang katuwiran namin. Alam namin na sa pamamagitan ng Inyong habag, ang bilang namin dito ay hindi kasindami ng buong populasyon ng mga matuwid. Salamat po, Panginoon, merong ebidensiya sa aming harapan na merong libu-libo sa bayang ito na nagsilayo sa kanilang mga kasalanan, na tunay ngang nagsipagsisi at niyakap ang Panginoong Jesu-Cristo, na nananatili sa Kanya at nakikita Siya bilang tangi nilang pag-asa.

Sa talata sa Genesis, alam namin na ang mga tao sa Sodoma kung ihahambing sa mga taga-Amerika ay napakakaunti. Hindi namin kayang kalkulahin ang porsyento. Marahil ay hindi namin matatantiya ang tumpak na bilang upang makipagkatwiranan sa Inyo kagaya ng ginawa ni Abraham. Pero nagpapasalamat kami sa Inyo at pinagpapala namin Kayo at pinupuri namin Kayo na tunay na Diyos ng kahabagan. Lumalapit at naninikluhod kami na sa Inyong biyaya ay bigyan Ninyo kami ng lakas upang mapanghawakan ang katotohanan ng talatang ito at gamitin ito sa kaparaanang lubos na makaluluwalhati sa Haring Jesus, at kung loloobin Ninyo, iyon ang magliligtas sa aming bayan. Dalangin po namin, tulungan Mo po kami. Sa banal na pangalan ni Jesus. Amen.

Sabwatan ng Katuwiran

Ako at ang aking asawang si Maggie ay nanalangin na kung makalulugod sa Panginoon ay mabuksan ang daan kung saan ako ay maaanyayahang magpastor para makilala naman ako ng mga anak kong maliliit pa at mahubog sila. Dahil sa ministri ko ay palagi akong wala sa bahay, at halos hindi na kilala ng anak kong lalake kung sino ang tatay niya. At basta na lang dumating ang imbitasyon upang magpastor sa isang iglesia na merong 2,400 miyembro, na mga 30 ang tantiya namin ay mga mananampalatayang "born-again". Si Billy Graham ay nagdaos ng krusada sa lunsod na iyon at may ilang nakumberti sa krusada na nasa iglesiang ito.

Pumunta kami doon, alam na alam na ang pagkatawag sa amin ay hindi dahil sa boto ng nakakarami. Pinagbotohan nila ang tatlong lalaki. Ang isa ay nakakuha ng 500 boto, ang sumunod ay mga 600, at ako ay mga 900. Alam na alam kong ang 500 at 600 na pinagsama ay mas marami kaysa 900. Pero pumunta pa rin kami at namuhay doon .

Nang kauna-unahang Linggo na nagsermon ako bilang pastor, ang malaking lupon ng mga deakono ay naghintay sa akin at sinabihan ako, "Hindi namin kayo papayagang magsermon nang ganun. Mula ngayon, kailangan ninyong isulat ang inyong sermon at ipasa sa amin, at rerebyuhin namin. Kung hindi namin iyon magustuhan, hindi ninyo iyon maisesermon."

Sinabi ko sa kanila, "Nabasa ko ang konstitusyon ng iglesia, at sinasabi ng konstitusyon na ang mga deakono ay dapat maglingkod sa pastor. Kaya dapat maintindihan, naglilingkod ako sa Panginoon, at naglilingkod kayo sa akin. Kaya tatanggap ako ng utos mula sa Panginoon, at tatanggap kayo ng utos mula sa akin."

Sabi nila, "Hindi po, gagawin po ninyo ang sinasabi namin sa inyo, kundi'y paaalisin namin kayo."

Sabi ko, "Ipinadala ako ng Diyos dito at kapag dumating ang oras ng Diyos para umalis ako, gawin na ninyo ang gusto ninyo." Kaya agad silang nagtrabaho, pero isang taon iyon. Iyon ang pinakamabuti naming taon.

Nag-ukol kami ng aking maybahay na si Maggie ng maraming panahon sa pananalangin. Merong mga araw na ang kongregasyon ay mistulang dagat ng mga panyo. Wala kaming lugar na nakita na bumabaha ng luha kaysa roon. Pero wala kaming nakitang kahit isang kumberti sa buong taon. Marami kaming kinausap na mga indibiduwal at sinabi sa kanila ang tungkol sa krus at sa pagkabuhay na muli. Mauubos ko ang buong araw sa pagkukwento ng magagandang karanasan, pero eto ang punto ko. Nagkaisang-puso kami ni Maggie at nakipaglaban sa

(sundan sa pahina 3)

Pagsisisi At Pagpapahinga ... Pagtahimik At Pagtitiwala

"Sinabi pa ni Yahweh, ang Banal ng Israel: "Magbalik-loob kayo at muling magtiwala sa akin. At kayo ay lalakas at tatatag" (Isaias 30:15).

ni Dave Butts

Napakadali para sa marami sa atin na tingnan ang ating Cristianong pananampalataya bilang isang walang katapusang gawain. Pagdalo sa mga gawain, paglilingkod, pagbibigay ng mga kinakailangan, pagpapaunlad ng mga kasanayan sa ministeryo, lahat ng ito ay maaaring maging sentro ng ating pagka-Cristiano. Kapag nangyari iyan, ang ating pokus ay hindi na si Cristo at ang ginawa Niya para sa atin, kundi ang ating sarili na at ang ating ginagawa para sa Kanya. Hindi ito isang magandang sitwasyong espirituwal.

Lagi tayong tinuturuan ng Diyos na magtiwala sa Kanya. Hindi iyon patungkol sa atin, kundi patungkol sa Kanya. Sinabi ni Jesus sa atin na kung hiwalay tayo sa Kanya ay wala tayong magagawa (Juan 15:5). Marami sa atin ay dapat makumbinsi dito sa paraan ng mapait na karanasan.

Nagpapakahirap ang mga tao upang gawin ang ministeryo. Nagpaplano tayo at nag-iisip ng istratehiya at naglalaan ng badyet at nangangarap ng lahat ng ating gagawin sa Kaharian ng Diyos. Sa totoo, ang mga bagay na iyon ay nakakahanga. Isa nating kagalakan ang maglingkod sa Panginoon. Nagkakamali tayo kapag ginagawa natin ito sa sarili nating kalakasan.

Isang tunay na dahilan para sa kawalan ng panalangin sa Iglesia ay ang hindi natin pagkaunawa ng ating pagdepende kay Jesus. Gusto muna nating subukan at saka nananalangin tayo kapag nagkaproblema. Isang pinakapraktikal na aspeto ng panalangin ay ang pagtuturo nito na sumandig tayo sa Panginoon. Sa aklat ni Ronnie Floyd, *How to Pray (Kung Paano Manalangin)*, sinasabi niyang merong dalawang mahahalagang aspetong dapat tandaan tungkol sa panalangin:

1. Nagkakaroon ng panalangin kapag umaasa ka sa Diyos.
2. Ang kawalan ng pananalangin ay nangyayari kapag nagtitiwala ka sa iyong sarili.

Ang iglesiang nananalangin ay yaong natutong dumipende sa Dios. Ang nananalanging Cristiano ay yaong natutunang dumipende sa Diyos. Ang kailangan sa mga araw na ito ay hindi lamang relihiyosong gawain, kundi mga Cristianong magtitiwala sa Panginoon at paglilingkuran Siya na may pagdepende sa Kanya.

Ang teksto mula sa Isaias 30:15 ay nangungusap nang malakas sa Iglesia sa kasalukuyan. Sa gitna ng ating kaabalahan at mga gawain, nangungusap si Isaias ng mga salitang parehong humahatol at nang-aaliw: *"Magbalik-loob kayo at muling magtiwala sa Akin. At kayo ay lalakas at tatatag."*

Ang pagsisisi ang unang pagtugon ng mga tumanggap ng katotohanan kung sino si Jesus. Nang marinig ng mga tao si Pedro na nagtuturo tungkol kay Cristo nang Araw ng Pentecostes, literal nilang pinahinto ang sermon niya ng tanong na, "Mga kapatid, ano ang gagawin namin?" Ang unang salitang isinagot ni Pedro ay, "Magsisi." Marami pa, pero pagsisisi ang una.

Ang hindi naiintindihan ng mga Cristiano ay yaong ang pagsisisi ay hindi lang minsanang pangyayari. Ito ay nagiging pamamaraan ng pamumuhay. Habang nagkakasala tayo, lagi tayong tinatawagang magsisi... na tumalikod sa rebelyon at magbalik sa pamumuhay na nakalulugod sa Diyos. Ang pagsisisi ay pangunahin dahil iminumulat tayo nito na sa anumang paraan ay hindi nating makakamit ang kaligtasan. Tayo ay nakadepende sa habag ng Diyos.

Katunayan, ang pagsisisi natin ay patungkol sa pagkalimot natin na tayo ay nakadepende sa Panginoon. Sa sarili kong buhay, paulit ulit akong dapat lumapit sa Diyos, nagsisisi sa tendensiya kong gawin ang ministeryo sa sarili kong kalakasan. Mahalaga kung gayon na maintindihan natin kung bakit pinagsama ni Isaias ang pagsisisi at pagpapahinga. Ang pagpapahingang binabanggit dito ay hindi kawalan ng ginagawa. Sa halip, ito ay pagkaalam na ang mahalaga ay ang gawain ng Panginoon sa pamamagitan natin. Hindi ito gawain natin kundi kalakasan at kapangyarihan Niya na gumagawa ng ninanais Niya sa pamamagitan ng Kanyang mga alipin.

Ang awtor ng Hebreo ay inubos ang buong ikaapat na kapitulo sa pagtalakay sa Sabath na pagpapahinga ng bayan ng Diyos. Sa talatang 10 ay sinulat niya, *"Sapagkat sinumang makapasok at makapahinga sa piling ng Diyos ay magpapahinga rin sa kanyang mga gawa, tulad ng Diyos na nagpahinga na sa kanyang paglikha."* Sa pagpapahinga natin sa ating sariling mga gawain, ang gawain ng Diyos ang umaangat at tumatanggap Siya ng lahat ng kaluwalhatian at papuri. Pumapasok tayo sa Kanyang kapahingahan na hindi pagtigil sa paggawa para sa atin, kundi ang pagkaalam na tayo ay tinawag upang hayaang ang gawain ng Diyos ay magpatuloy sa atin. Ibig sabihin ay pagbabalik sa mga salita ni Jesus sa Juan 15:5, "sapagkat wala kayong magagawa kung hiwalay kayo sa Akin."

Kinakailangan nating magsisi dahil hindi tayo pumasok sa kapahingahan ng Diyos. Nagsikap tayong magtayo ng sarili nating kaharian, sa sarili nating lakas, at para sa sarili nating kaligtasan. Nagsisisi tayo at nagpapahinga, at kapag lumalayo tayo sa kapahingahan ng Diyos, nagsisisi tayong muli at bumabalik sa kapahingahan ng Diyos. Ito, ang wika ni Isaias, ay ang ating kaligtasan...nakadepende sa kapangyarihang nagliligtas ni Cristo at Kanyang nagpapatuloy na gawain sa atin.

Ang ikalawang bahagi ng mga tagubilin ni Isaias ay pareho... *"at kayo ay lalakas at tatatag."* Hindi natin naiisip na ang ating mga salita ay mga sandata, pero sinusubukan nating baguhin ang mga sirkumstansiya at mga tao sa pamamagitan ng paggamit ng ating mga salita. Ilang ulit mo nang pinagsalitaan ang isang tao? Nadadama natin na merong kapangyarihan ang ating mga salita upang baguhin ang buhay ng mga tao. Kaya't hayan. Ang mga salita ay makapagpapagaling o makasisira, makapag-aaliw o makapagtutuwid, makapagpapasaya o makawawasak. Paulit-ulit tayong binabalaan sa Kasulatan tungkol sa kapangyarihan ng mga salita.

Kadalasan, nasusumpungan natin ang ating mga sarili na gumagamit ng mga salita upang ipagtanggol, atakihin o manipulahin ang isang sitwasyon, sa halip na magtiwala sa Panginoon. Ang pagkakaroon ng isang espiritu ng kapayapaan ay isang mahalagang bahagi sa pagkatutong magtiwala sa Panginoon. Kapag lagi tayong nagsasalita patungkol sa isang sitwasyon, madalas na masasaisantabi natin ang Panginoon sa pagsasagawa ng Kanyang ninanais.

Ang pagtahimik ay mahirap ngunit ito ay isang pagpapahayag ng pananampalataya. Nang si Jesus ay dinala sa mga awtoridad, ginanap Niya ang mga Kasulatan sa Lumang Tipan: *"Siya ay binugbog at pinahirapan, ngunit di tumutol kahit kamunti man; tulad ay korderong hatid sa patayan, parang mga tupang hindi tumututol kahit na gupitan, ni hindi umimik kahit gaputok man."* (Isaias 53:7). Ipinagkatiwala Niya ang sitwasyon sa Kanyang Ama sa Langit.

Ang katahimikan ay nagpapahiwatig hindi lang ng pagpipigil ng ating dila, kundi pagpipigil sa ating buhay. Ito ay pagpapahinga mula sa maraming gawain at pagpahayag sa Panginoon na akayin tayo sa tahimik na batis. Ang katahimikan ay isang kunkretong halimbawa ng pagtitiwala sa Panginoon at pagdepende sa Kanyang kalakasan at lahat ng nais Niya.

May dakilang pagtawag mula sa langit ang Iglesia sa kasalukuyan. Ito ay tawag para sa lalong paglapit sa Panginoon. Ito ay tawag pabalik sa presensiya ng Diyos. Ang paraan ng pagtugon sa panawagang ito mula sa Diyos ay sa pamamagitan ng pagsisisi at pagpapahinga ... pagtahimik at pagtitiwala.

Mensahe Mula sa Tagapaglathala

Pagpapatuloy sa paglilingkod sa Kapwa

ni Rich Carmicheal

Handang-handa si Jesus sa buong tatlong taon Niyang ministeryo na magambala at maabala ng mga taong nangangailangan, at mapintasan pa para lamang matulungan sila? Narito ang ilan lamang na mga halimbawa:

- Sa kalagitnaan ng pagtuturo sa isang siksikang bahay, naglaan si Jesus ng oras upang pagalingin ang isang paralitikong ibinaba mula sa bubungan, mismo sa kanyang harapan, kahit mangahulugan iyon ng pagpintas sa Kanya (Marcos 2;1-12).
- Naglaan Siya ng oras kasama ng mga maniningil ng buwis at mga "makasalanan" at pinakitaan sila ng habag kahit ang mga relihiyosong lider ay pinintasan Siya sa paggawa niyon. (Mateo 9:9-13; Lucas 15:1-2).
- Habang nagsasalita sa napakaraming tao, nakahanda si Jesus na iwan sila sa pakiusap ni Jairus upang puntahan at tulungan ang anak na babae nito na nasa bingit ng kamatayan. Habang papunta sa napakahalagang bagay na iyon, binigyan Niya ng pansin ang isang babae na nakipagsisikan sa mga tao upang Siya ay mahipo, at pinagaling Niya ito. (Marcos 5:21-43).
- Sa isang okasyon nang may napakaraming tao ang dating at alis, hindi na makakain si Jesus at mga disipulo Niya, sinikap nilang lumayo sakay ng bangka sa isang ilang na lugar. Ngunit marami ang nagsipagtakbuhan at naunahan sila sa lugar. Nang bumaba ng bangka si Jesus, nahabag si Jesus sa napakakapal na tao at nagsimula muling magturo sa kanila ng maraming bagay (Marcos 6:30-34). Sa bandang hapon, pinakain Niya ang mga tao sa pamamagitan ng mahimalang isda at tinapay (Marcos 6:35-44), at kinabukasan, pagkatawid ng dagat tungong Genesaret, Siya ay muling pinagkaguluhan ng mga tao at binigyan Niya sila ng panahon at pinagaling ang mga may karamdaman (Marcos 6:56; Juan 6:25-40).
- Nang pumasok si Jesus sa lugar ng Tiro, pumasok siya sa isang bahay na hindi pinaalam na Siya'y naroon. Ngunit, hindi nalingid na naroon Siya, at isang babaeng taga-Canaan ang lumapit sa Kanya, at nagmakaawa dahil ang anak nito ay inaalihan ng demonyo. Kahit gusto ni Jesus na mapag-isa kasama ng mga alagad Niya, at kahit gusto nang paalisin ng Kanyang mga alagad ang babae dahil iyak ito nang iyak, at dahil si Jesus ay isinugo para lamang sa mga tupa ng Israel, nag-ukol pa rin Siya ng oras para kausapin ang babae at palayain siya sa gapos ng demonyo (Marcos 7:24-30; Mateo 15:23-24).
- Kahit ang mga alagad Niya ay sinikap na huwag makalapit ang mga bata, sinabihan sila ni Jesus na hayaang magsilapit ang mga bata sa Kanya, *"Sapagkat sa mga katulad nila naghahari ang Diyos."* (Marcos 10:13-16).
- Nang hinarang ng isang lalaking mayaman, hindi ito pinalayo ni Jesus, kundi nahabag sa kanya at pinag-ukulan ng panahon kung ano talaga ang kailangan ng binata sa Kanya (Marcos 10:17-22).
- Nang si Jesus at mga disipulo Niya at naroon din ang napakakapal na tao, ay paalis ng Jericho, humiyaw si Bartimeo kay Jesus na maawa sa kanya. Kahit sinaway ng mga tao si Bartimeo at sinabihan siyang manahimik, huminto si Jesus, tinanong kung ano ang gusto nito at saka ibinalik ang kanyang paningin (Marcos 10:46-52).
- Nang nagdaan sa Jericho, nag-ukol Siya ng oras upang pumunta sa bahay ni Zaqueo na maniningil ng buwis, at bunga ng panahong ginugol ni Jesus sa pagbisita sa kanya, tumanggap ng kaligtasan si Zaqueo (Lucas 19:1-9).
- Nag-ukol Siya ng oras upang pag-usapan ang tungkol sa kapanganakang espirituwal sa isang Fariseong nagngangalang Nicodemo na pumunta sa Kanya isang gabi (Juan 3:1-21).
- Matapos pag-ukulan ng pansin ang pagdalaw sa isang babaeng Samaritana

(sundan sa pahina 4)

Pamanhik Para sa Habag ng Diyos

(mula sa pahina 1)

panalangin. "Panginoon, bakit walang mangyari?" tanong namin. "Bakit walang mga kumberti?" "Bakit merong ganitong kumbiksyon pero walang anumang paglaya?"

At isang araw habang ibinubulalas namin ang hirap ng aming damdamin, ay bigla kaming namulat: merong sabwatan ng kasamaan sa iglesiang ito. Nagkasundo ang mga tao upang walang mabago sa kanila. Kapag may isang taong nagpapakita ng tanda ng kumbiksyon, makikialam ang mga magkakamag-anak, dahil puro magkakamag-anak sa iglesiang iyon, magkakaisa sila para walang maganap na pagbabago. Larawan iyon ng tipikal na problema ng iglesia.

Ang iglesia ay dapat maging isang sabwatan ng katuwiran, kung saan ang buong iglesia ay nagkakabuklod upang manalangin at upang magsikap at upang magpatotoo at upang dalhin ang buong komunidad kay Cristo – upang abutin ang bawat antas ng lipunan at bawat kublihan ng kasamaan at upang iangat ang mga tao sa isang higanteng sabwatan ng katuwiran sa harapan ng Panginoon at upang panghawakan iyon. Ngunit sa halip, marami sa ating mga iglesia ay kuntento na lang sa kasalukuyang kalagayan. Naniniwala akong isa sa pinakadakilang tawag na inilalagay sa atin ng Diyos ay paunlarin sa ating iglesia ang isang sabwatan ng katuwiran upang ang buong komunidad ay ganap na mabago ng ebanghelyo ni Jesu-Cristo, at kinakailangan nating wasakin ang sabwatan ng kasamaan.

Nakatindig na Nag-iisa

Sa talatang binasa natin, merong isang lalaking mag-isang nakatindig. Nakasisindak ito. Marahil ang pinakamahirap na aspeto ng buhay ko ay ang mga taon na kinakailangan kong tumindig na mag-isa. Mas masaya at mas kapakipakinabang kung meron pang ibang nakatayo rin sa tinatayuan mo, pero ang iba sa atin ay walang ganyang pribilehiyo sa ating mga buhay. Pero lumilingon ako sa nakalipas at hindi pagyayabang kundi pahayag ng pasasalamat sa Dios, sapagkat sa biyaya Niya, kahit wala akong kasama, tumindig pa rin ako para sa Panginoon.

Ilan sa inyo marahil ang nasa ganitong kalagayan ngayon, kung saan kayo lang ang mag-isang tumitindig para kay Cristo sa inyong sitwasyon. Aba, tanggapin ninyo yan. Huwag magmaktol, at huwag ding iisiping tumakas. Kung inilagay ka riyan ng Diyos at tulad ni Abraham ay nakatindig ka para sa iyong komunidad, kung gayon ay tumindig ka! Pero kung sa biyaya ng Diyos ay meron pang iba, tawagin ang mas marami mong matatawag para sa isang sabwatan ng katuwiran para sa kaluwalhatian ng Panginoong Jesu-Cristo.

Isipin natin ang mga talatang binasa natin. May ideya tayo sa papel ng Sodoma sa kasaysayan ng sangkatauhan. Nanindigang mag-isa si Abraham. Hindi madali iyon; hindi masarap, pero kailangang kailangan. Kung nasa komunidad ka kung saan wala kang kasamang nakatindig, kung nasa isang iglesia at nag-iisa ka, manindigan ka! Hindi ka nag-iisa! Siya, ang Iisa, ay sumasaiyo.

Pero tiyakin mong kasama mo ang Diyos. Maraming tao ang naringgan ko, "Kung ang Diyos ay sumasaatin, sino ang laban sa atin?" Wala pa akong narinig na nagsabi, "Kung ang Diyos ay laban sa atin, anong halaga kung sino ang para sa atin?" Ito ang mas mahalagang pangungusap sa mga araw na ito. Pero nagpapasalamat ako sa Diyos na walang matuwid na lalake o babae ang makakatindig na mag-isa. Ang Diyos ang tumitindig kasama natin. Hinihimok kita nang buong puso na tumindig para kay Jesu-Cristo at para sa katuwiran, anuman ang maging kapalit nito.

Narito si Abraham at nakatayong mag-isa, sa harap ng isang sitwasyong siya lamang ang bahagyang nakakaunawa. Wala siyang lubos na ideya sa lalim ng kasamaan sa Sodoma at Gomora at ng mga lunsod sa kapatagan.

Narito ang Isaias 1:7: *"Tiwangwang ang iyong mga lupain, tupok ang iyong mga lunsod. Sasamsamin ng mga dayuhan ang iyong lupain, wawasakin nila ang lahat sa harap ng iyong paningin. Walang naiwan kundi ang Jerusalem, lunsod na kubkob ng kaaway; animo'y kubo sa isang ubasan o sa gitna ng pakwanan na walang magsanggalang. Kung hindi nagtira si Yahweh ng ilang mamamayan, naging gaya sana tayo ng Sodoma, naging gaya sana tayo ng Gomorra. Mga pinuno ng Sodoma, pakinggan ninyo ang sinasabi ni Yahweh; mga mamamayan sa Gomorra, pakinggan ninyo ang aral ng ating Diyos."* (Isaias 1:7-10).

Sa Ezekiel 16:49-50 ay mababasa natin: *"Tingnan mo ang mga kasalanan lamang ng Sodoma: siya at ang kanyang mga anak ay may maipagmamalaking kayamanan at kasaganaan sa buhay, ngunit hindi sila marunong tumulong sa mga nangangailangan, naging palalo sila. Bukod doon, gumawa sila ng kasuklam-suklam na mga bagay. Nang makita ko ito, pinarusahan ko sila gaya ng iyong nalalaman."*

Kailangang Magsisi ng Iglesia

Sa palagay ko'y ang malaking problema sa Amerika ay hindi ang komunidad ng mga homosekswal. Sa tingin ko ang totoong problema sa Amerika ay ang Iglesia na mapagmataas. Napakapalalo na akala natin ay meron tayong karapatang tanggihan ang ilang mga lahi mula sa ating mga iglesia. Napakapalalo na hindi tayo nakakadama ng anumang malalim na pasanin para sa mga mahihirap at sa mga nangangailangan. Napakapalalo na hindi man lang natin nararamdamang dapat magpatirapa sa pagsisisi sa harapan ng Diyos. Kung wawasakin ang Amerika, hindi iyon dahil sa mga homoseksuwal. Kasing dumi ng kanilang pag-uugali at kasing agresibo ng kanilang adyenda, ang tunay na problema ng Amerika ay ang palalong Iglesia na hindi itutungo ang palalo nitong ulo.

Ito rin ang nasusulat sa Lucas 17:28-32, na naglalaman ng mga salita ni Cristo: *"gayon din noong panahon ni Lot – ang mga tao'y nagsisikain at nagsisiinom, namimili at nagbibili, nagtatanim, at nagtatayo ng bahay. Ngunit nang araw na umalis si Lot sa Sodoma, umulan ng apoy at asupre at natupok silang lahat. Gayon din sa pagdating ng Anak ng Tao. Sa araw na iyon, ang nasa bubungan ay huwag nang bumaba upang kunin ang kanyang mga ari-arian sa loob ng bahay. Ang nasa bukid ay huwag nang umuwi. Alalahanin ninyo ang nangyari sa asawa ni Lot."*

Basahin ang makapangyarihang mga talata sa unang kapitulo ng Roma kung paanong hinayaan sila ng Diyos sa kanilang masasamang pag-iisip at sa mga di tumpak na asal. Kasinsama ng sa ngayon, marapat bang sabihin na mas masama sila kaysa sa mga taga Sodoma? Mukhang hindi ko iyan masasagot. Hindi ko alam. Pero alam kong merong higit pa sa 50 na matutuwid sa ating bayan. At siguradong higit pa sa 500.

Gusto kong ulitin ang sinabi ng pambihirang lingkod ni Cristo mula sa Cambridge, England na si Charles Simeon. Ang mga katagang ito ay nasulat noong mga 1830. Wika ni Simeon, "Purihin ang Diyos dahil ang katampalasanang binabanggit sa kontekstong ito ay pinandidirihan ng lahat. Isipin lang ito ay sumisilakbo na ang galit sa atin."

Baligtad na ngayon ito dahil tinatanggap na ng halos lahat. Sa tingin ko ay isang maliit na problema ito kung ihahambing sa Iglesia na naging palalo na. Isang kapaimbabawang isipin na ang Diyos ay galit sa abominasyong ito at gusto ang ugat nito. Ano ba ang ugat ng homoseksuwalidad? Kung titingnan mo ang buong Kasulatan patungkol sa paksang ito, ang ugat ay ang kapalaluan. Ang ugat ng lahat ng kasalanang seksuwal ay kayabangan.

Ewan ko lang kung merong tao ang magsasabing meron siyang problema ng sobrang kayabangan. Pero saanman ako magpunta ay may nakikilala akong tinatanggap ito. Pero kahit na tanggapin ang problema, marami ay hinahayaan lang ito. Marami sa atin ang binibigyan ito ng dahilan.

Paano pa natin bibigyan ng puwang ang kayabangan kapag alam natin ang sinasabi ng ating Ama sa langit patungkol dito?. Pinapaalala ko sa inyo ang Genesis 15:16: *"Daraan muna ang apat na salinlahi bago sila makabalik dito, sapagkat hihintayin kong maging sukdulan ang sama ng mga Amorreo bago ko sila parusahan at palayasin."* Kayat pinaligtas ng Diyos ang mga Amorita. Ngunit si Pablo sa 1 Tesalonica 2 ay nagsasabi na ang kasamaan ng mga Judio ay sobra na.

Naniniwala akong malapit na malapit na tayo sa punto kung saan dapat nang sabihin ng ating makapangyarihan Diyos, "Ang kasamaan ng Amerika ay sobra na." Pero hindi ako masyadong naniniwala na narating na natin iyon. Naniniwala ako ng buong puso na meron pang pag-asa. Naniniwala ako na kung ang Amerika ay magbabalik sa Diyos ay magkakaroon ng isang mabiyayang tugon mula sa ating Ama sa langit.

Pagkaalam sa mga Kaparaanan ng Diyos

Bayaan ninyong akayin ko kayo sa bawat hakbang tungo sa mga aspeto ng mga talatang ito. Nagpakita ang Panginoon kay Abraham. Tatlong tao ang tumayo sa kanyang tabi. Hindi nila alam ang dahilan ng pagtatagpo. Ngunit dahil may takot si Abraham sa Diyos, ang lihim ng Panginoon ay inihayag sa kanya. Marami sa atin ang bingi at pipi patungkol sa lihim ng Panginoon. Hindi natin alam kung ano ang ginagawa ng Panginoon. Hindi natin alam ang kahulugan ng mga bagay-bagay na nagaganap sa ating paligid dahil wala tayong takot sa Diyos. Ang pagkatakot sa Panginoon ang pasimula ng karunungan. At dahil may takot si Abraham sa Diyos, pinasya ng Diyos na ihayag sa Kanyang alipin ang Kanyang gagawin. Kung hindi inihayag ng Diyos kay Abraham ang Kanyang planong gawin, hindi nagawa ni Abraham na mamagitan at mamanhik gaya ng ginawa niya sa talataang ito.

Marami sa atin ang nag-aaksaya ng oras sa pananalangin dahil hindi natin alam kung ano ang balak ng Diyos. Nawa ang lihim ng puso ng Panginoon ay maihayag sa atin, at mangyayari ito kung magkakaroon tayo ng takot sa Kanya! Dahil inihayag sa kanya, nagawa ni Abraham na maging tagapamanhik sa panalangin.

Lumapit si Abraham sa Diyos. Hindi niya kinuwestiyon ang katarungan ng Diyos sa pagwasak ng Sodoma. Ang kinuwestyon niya ay ang pagwasak sa mga matuwid kasama ng mga di-matuwid. At meron tayong katuwirang gawin iyon. Kung wasakin ng Diyos ang Amerika, wawasakin niya ang mga matuwid at di-matuwid. Si Abraham ay merong lakas ng loob, meron siyang kumbiksyon, tinulungan siya ng Diyos para makita na hindi wawasakin ng Diyos ang matuwid sa pamamagitan ng mga di-matuwid.

Bahagi ng dahilan kung bakit alumpihit tayo sa larangang ito ay dahil sa tindi ng pagkakasala ng napakarami. Nais nating isiping tayo'y mga Cristiano, ngunit tayo nama'y napakapabaya sa kabanalan kayat hindi tayo tiyak kung talagang dapat tayong ibilang na matuwid. Pero ang pinanghahawakan natin ay ang katuwirang iginawad sa atin ni Cristo. Nakakalungkot kung hindi mo napagyaman ang kagandahan ng kabanalan sa buhay mo. Dapat mong gawin ito. Pero ang Kanyang katuwiran ang pinanghahawakan natin. Dito nakasandig ang ating pag-asa.

Merong lohika sa pangangatwiran ni Abraham sa Diyos. Sinasabi ng talatang 23: *"Lilipulin po ba ninyo ang lahat ng tao, may kasalanan man o wala?"*

Meron ka bang kumbiksyon? Nasabi mo na ba sa Diyos, "Panginoon, hindi po kayo ganyan. Kayo po ang Diyos ng katuwiran. Kung wawasakin Ninyo ang makasalanang Amerika, paano po ang iba na naging matuwid dahil sa aming Panginoong Jesu-Cristo?"

Ang Diyos ay makatwiran, at hindi tulad ng sinumang hukom dito sa lupa, ang

(sundan sa pahina 4)

Pagpapatuloy sa paglilingkod sa Kapwa

(mula sa pahina 2)

na nilalayuan ng ibang tao, si Jesus ay namalagi doon ng dalawang araw kahalubilo ng mga taga roon habang hinihimok siya ng mga tao na magtagal pa para makasama nila. (Juan 4:1-42).

Bakit payag na payag si Jesus na maabala, magambala at mapintasan upang katagpuin ang mga pangangailangan ng iba? Isang dahilan ay dahil pumarito Siya dito sa lupa bilang isang alipin: *"ang Anak ng Tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ibigay ang kanyang buhay na pangtubos sa marami."* (Mateo 20:28). Kusang-loob Niyang isinaisangtabi ang mga karapatan Niya at *"hinubad niya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos, nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin."* (Filipos 2:7). Kayat nang makatagpo Niya ang mga taong nangangailangan ng Kanyang tulong, buong-puso Niyang ibinigay ang Kanyang oras, lakas, pagmamahal at sa huli ay ang Kanyang buhay. Napagtanto Niya na bilang isang alipin, ang pagtawag sa Kanya ay ang ibigay ang Kanyang sarili upang ang tao ay makatanggap ng pisikal at espirituwal na mga pagpapala. Siya ay naging isang dukha upang sa pamamagitan ng Kanyang karukhaan ay maging mayaman ang kanyang kapwa. (2 Cor. 8:9).

Isa pang mahalagang dahilan kung bakit si Jesus ay madaling umakma sa mga pangangailangan ng mga nakapaligid sa Kanya ay dahil inaakay Siya ng Kanyang Ama upang gawin iyon. Sinabi Niya, *"Dapat ninyong malaman na walang ginagawa ang Anak sa kanyang sarili lamang; ang ginagawa lamang Niya ay ang nakikita Niyang ginagawa ng Ama. Ang ginagawa ng Ama ay siya ring ginagawa ng Anak. Sapagkat minamahal ng Ama ang Anak, at ipinakikita sa Anak ang lahat ng ginagawa Niya."* (Juan 5:19-20). Si Jesus ay hindi nagbibigay-lugod sa tao at nagpapadala sa kanilang mga kapritso. Sa halip, Siya ang may hawak ng lahat, at ang paglilingkod Niya ay palaging may intensyon. Ang ginagawa Niya ay ang nakita Niyang ginagawa ng Kanyang Ama.

May kakayanan si Jesus na malaman ang mga oportunidad na ibinibigay ng Kanyang Ama ng harapan dahil Siya ay lubos na nakalaan sa Kanyang Ama at sa kalooban Niya at dahil palagi Siyang nag-uukol ng oras sa pananalangin sa Kanyang Ama (tingnan ang Marcos 1:35; 6:45-46; Lucas 5:15-16; 6:12; 9:18; 22:41-42). Sa madaling salita, ang paglilingkod Niya sa kapwa ay likas na nagmumula sa Kanyang relasyon sa Kanyang Ama. Mula sa relasyong iyon ay tumanggap si Jesus ng direksyon, lakas, dunong at kapangyarihan para sa ministeryo, at nakahanda sa bawat enkwentro sa mga tao.

Merong nakapagsabi na: "Hindi sinikap ni Jesus na tumulong sa ibang tao..." Napaatras ako dito hanggang sa marinig ko ang karugtong ng pangungusap: "...dahil ang pagtulong sa iba ay palaging nasa Kanyang daraanan." Dahil ang landas ng Kanyang buhay ay nakatuon sa paglilingkod sa mga pangangailangan ng tao. Hindi Niya ipinalagay ang mga tao bilang kaabalahan at istorbo, kundi bilang mismong mga tao kung kanino Siya isinugo ng Ama upang paglingkuran Niya. Madali Niyang napakitunguhan ang mga tao dahil sa Kanyang pusong alipin at dahil sa Kanyang pagnanais na sundin ang Kanyang Ama.

Tinawag Tayo Upang Maglingkod

At sa lahat ng mga bagay patungkol sa ating pamumuhay Cristiano, si Jesus ang nagsisilbing perpektong modelo ng pagiging alipin. Tayo ay tinawag upang maglingkod gaya ng ginawa Niya:

"ang sinuman sa inyo na ibig maging dakila ay dapat maging lingkod. At sinumang ibig maging pinuno ay dapat maging alipin ninyo, tulad ng Anak ng Tao na naparito, hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at ialay ang kanyang buhay upang matubos ang marami." Mateo 20:26-28).

"Huwag kayong gagawa ng anumang bagay dahil lamang sa hangad ninyong matanyag, bagkus magpakababa kayo at huwag ipalagay na kayo'y mabuti kaysa iba. Ipagmalasakit ninyo ang kapakanan ng iba, hindi lamang ang sa inyong sarili. Magpakababa kayo tulad ni Cristo Jesus: nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin." (Filipos 2:3-7).

Kung paanong tinawag tayo upang maglingkod gaya ni Jesus, makakaasa din tayo ng mga kaparehong mga hamon na hinarap Niya. Ang paglilingkod sa kapwa ay madalas na mangangahulugan ng mga paggambala at pag-antala sa ating mga iskedyul, gayundin ng mga pagpintas. Gaya ng nangyari sa Mabuting Samaritano na ginamit na halimbawa ni Jesus bilang isang umibig sa kanyang kapwa, ang paglilingkod ay nangangailangan ng pagsasakripisyo sa sarili, sa oras, lakas, at ating mga tinatangkilik (Lucas 10:30-37). Nangangahulugan ito na dapat nating isaisantabi ang ating mga ambisyon at tingnan ang mga kapakanan ng iba, itinuturing ang iba na mas magaling kaysa sa atin (Filipos 2:3-4).

Dahil mahirap maglingkod sa kapwa, sinasabihan tayo ng Salita ng Diyos upang magtiis:

"Kayat huwag tayong magsawa sa paggawa ng mabuti; pagdating ng takdang panahon, tayo'y mag-aani kung hindi tayo magsasawa. Samantalahin natin ang lahat ng pagkakataon sa paggawa ng mabuti sa ating kapwa, lalo na sa mga kapatid sa pananampalataya."..(Gal. 6:9-10).

"Makatarungan ang Diyos. Hindi niya lilimutin ang inyong ginawa at ang pag-ibig na inyong ipinakita at hanggang ngayo'y ipinakikita sa paglilingkod ninyo sa inyong mga kapwa Cristiano. At pinakananais ko na ang bawat isa sa inyo'y patuloy na magsumikap hanggang wakas upang kamtan ninyo ang inyong inaasahan." (Heb. 6:10-11).

Siyempre, upang magkaroon at mapanatili ang ganitong pusong alipin, dapat nating sundan ang halimbawa ni Jesus at mag-ukol ng oras kasama ng ating Ama, hinahanap ang Kanyang direksyon, lakas, pag-ibig, lakas ng loob at kapangyarihan para sa ministeryo. *"Ikaw ba'y tagapaglingkod? Gamitin mo sa paglilingkod ang lakas na kaloob sa iyo ng Diyos." (1 Pedro 4:11).* Ang oras na iniuukol natin kasama Niya ang naghahanda sa atin upang makapaglingkod sa taong ipinapadala Niya sa ating landas. *"Ang nananatili sa Akin, at Ako sa kanya, ang siyang namumunga nang sagana" (Juan 15:5).*

Isinagawa ito ng mga Cristiano sa Macedonia nang ialay nila ang kanilang buhay una sa Panginoon at saka sa ibang tao sa pagsunod sa kalooban ng Diyos. Bunga nito, nakayanan nila maging sa gitna ng matinding mga pagsubok at kahirapan, ang maglingkod sa ibang mga banal : *"Sila'y kusang-loob na nag-abuloy hindi lamang ayon sa kanilang kaya, kundi higit pa (2 Cor.8:1-5).* Gayundin, si apostol Pablo ay hinanap muna ang mabigyan-lugod ang Diyos (1 Tesa. 2:4) at mula sa relasyong ito ay nalugod na ibahagi sa ibang tao hindi lamang ang ebanghelyo, kundi maging buhay niya, nakahandang gumawa ng malalaking pagsasakripisyo sa sarili upang mapaglingkuran ang kapwa (1 Tesa. 2:7-9).

Pakikilahok sa Gawain ng Ama

Kaibigan, magpatuloy ka sa paglilingkod sa kapwa. Gaya nang kumilos ang Diyos sa ministeryo ni Jesus na pagpalain ang iba sa pisikal at espirituwal, gayundin ang gagawin Niya sa pamamagitan mo upang hipuin ang mga buhay ng mga nasa paligid mo. Sa paglilingkod mo sa kapwa, tunay ngang ikaw ay isang *"mabuting katiwala ng iba't ibang kaloob ng Diyos"* (1 Pedro 4:10). Sa pamamagitan ng paglilingkod mo, maaakay sila sa kaligtasan (1 Cor. 3:5), magkaloob ng mga pangangailangan (Rom.15:26), magpanibagong-lakas (1Cor. 16:15-18), magpalakas (Efeso 4:12-13), magpalakas ng loob (Efeso 6:21-22), magpanatili sa panalangin (Col. 4:12-13), magturo (2Tim. 2:24-25), at magbigay ng mabuting halimbawa sa iba (1 Pedro 5:2-3).

Ang ating Ama sa Langit ay gumagawa sa lahat ng nasa paligid natin. May mga tao dito at doon sa malalayong lugar na nais Niyang matugunan ang mga pisikal at espirituwal na pangangailangan. Nais Niyang mapalapit tayo sa Kanya para magawa natin ang Kanyang mga gawain nang may lalim. Nais Niya tayong bigyan ng kalakasan, direksyon at karunungan upang mapuno ang ating mga puso ng Kanyang pagmamahal at maging instrumento Niya tayo ng Kanyang biyaya para sa iba. Sa pamamagitan natin ay nais Niyang gumawa nang matindi sa buhay ng mga tao sa ngayon at panghabampanahon.

"Panginoon, iniaalay ko po ngayon ang buhay ko para sa paglilingkod sa Iyo. Gabayan Mo po ang aking mga hakbang ayon sa Iyong perpektong kalooban. Akayin Mo po ako sa mga nais Mong paglingkuran ko. Tulungan Mo po akong sumama sa Inyo sa Inyong gawain. Ibigay Mo po sa akin ang Inyong puso at lakas para sa paglilingkod, at hayaan ang Iyong biyaya at pag-ibig na dumaloy sa pamamagitan ko. Tulungan Mo po akong kunin ang bawat pagkakataong ibinibigay Ninyo, kahit parang iyon ay isang istorbo o abala. Ang buhay ko at oras ko ay sa Iyo."

Pamanhik Para sa Habag ng Diyos

(mula sa pahina 3)

ating Diyos ay walang kinikilingan. Ang ating Diyos ay hindi naaapektuhan ng walang malasakit na mga argumento na walang katuwiran. Ang ating Diyos ay hindi naaapuyan ng personal na mga simbuyo. Walang kaibi-kaibigan sa Diyos. Ang ating Diyos ay hindi napipigilan ng mga suhol. Ang ating Diyos ay hindi kayang patigilin ng mga saksing sinungaling o nabibighani ng pisikal na kagandahan. Ang ating Diyos ay hindi naaapektuhan ng anumang bagay maliban sa katuwiran mismo. At kung wawasakin ng Diyos ang Amerika, iyon ay dahil sa banal na katuwiran. Pero sa palagay ko ay meron tayong dahilan upang manikluhod sa Diyos upang hindi tayo wasakin.

Merong tayong dapat pansinin sa tono ng pamamanhik ni Abraham. Meron siyang tapang na makipagkatwiran mula limampu pababa sa apatnapu't lima, sa apatnapu, sa tatlumpu, sa dalawampu sa sampu. Merong ugnayan ang katapangan at ang pagkakilala ni Abraham sa Diyos. Merong ingat, pero meron ding lakas ng loob.

Malinaw sa mga talata na walang pagmamayabang doon? "Nagsalita na po ako, Panginoon. Kung gusto po Ninyong manahimik ako ay maiintindihan ko. Pero nakikinig po Kayo, at habang nakikinig Kayo, Panginoon, hayaan Ninyong ilatag ko ang lahat." May mga pagkakataon na hindi nakikinig sa atin ang Diyos. Ngunit sa Kanyang habag merong mga pagkakataon na inilalapit Niya ang Kanyang pakinig sa atin. At kapag ginawa Niya ito, huwag kang mag-aatubiling ilahad ang mga bagay-bagay sa Kanyang harapan pati iyong mga katwiran at pag-asa.

May tagumpay sa paninikluhod ni Abraham. Iyon ay mataimtim. Tiyakan iyon; makabuluhan; mapilit. Mula iyon sa isang mababang puso at iyon ay matagumpay. Paano kaya kung ibinababa pa ni Abraham ang bilang? Paano kung hanggang isa? Hindi natin alam. Pero pwede tayong manikluhod sa ating Diyos upang iligtas ang Amerika... upang iligtas ang buong mundo.

Hindi ako naniniwala sa pagsasabing kailangan ng Diyos ang Amerika. Naniniwala akong kaya Niyang magtindig ng ibang bansa o mga bansa. Maaari Niyang hatiin ang dagat at lamunin ang buong kontinente. Pero naniniwala ako na naipakita na ng Diyos ang Kanyang pag-ibig sa kamangha-manghang paraan. At naniniwala ako na kahit napakasama ng ating kapaligiran, merong sapat na katuwiran at batayan upang manikluhod sa Diyos para sa isang bagay na mahalaga at kahanga-hanga.

Ang dalangin ko ay para sa solusyong kasin-laki ng Diyos, ang uri ng solusyon na Diyos at tanging Diyos lamang ang makapangyayari. Masasamahan ba ninyo ako dito?

Magpatuloy sa Pananalangin

ni E.M. Bounds

Inilalagay ni Cristo ang pangungulit bilang isang tanda ng isang tunay na panalangin. Hindi lang tayo basta manalangin, kundi manalangin na may mahigpit na paghingi, may taimtim at pangungulit. Hindi lang tayo dapat manalangin, kundi dapat tayong manalangin nang paulit-ulit. Hindi tayo dapat mapagod sa pananalangin. Dapat ay lubos na mataimtim, may pagmamalasakit tungkol sa mga bagay na hinihingi natin, dahil niliwanag iyon ni Jesu-Cristo na ang lihim at tagumpay ng pananalangin ay nasa kahigpitan ng paghingi. Kailangan nating igiit sa Diyos ang ating mga panalangin.

Sa talinghaga ay itinuro ng Panginoon na hindi lang dapat manalangin ang mga tao kundi dapat manalangin ng buong-puso at damdamin at igiit ang bagay na iyon na may tapang.

"Isinalaysay ni Jesus ang isang talinghaga upang ituro sa kanila na dapat silang manalanging lagi at huwag manghinawa. "Sa isang lunsod," wika niya, "may isang hukom na hindi natatakot sa Diyos at walang taong iginagalang. Sa lunsod ding yaon ay may isang babaing balo na punta nang punta sa hukom at humihingi ng katarungan. Tinanggihan siya ng hukom sa loob ng ilang panahon. Ngunit nang malaunan ay nasabi nito sa sarili: 'Bagamat hindi ako natatakot sa Diyos ni gumagalang kaninuman, igagawad ko na ang katarungang hinihingi ng babaing ito sapagkat lagi niya akong ginagambala – baka pa ako mainis sa kapaparito niya.'" At sinabi ng Panginoon, "Narinig ninyo ang sinabi ng masamang hukom. Hindi ipagkakait ng Diyos ang katarungan sa kanyang mga hinirang na dumaraing sa kanya araw-gabi, bagamat tila nagtatagal iyon`. Sinasabi ko sa inyo, agad niyang igagawad sa kanila ang katarungan. Ngunit pagdating ng Anak ng Tao sa daigdig na ito,may makikita kaya siyang mga taong nananalig sa kanya?" (Lucas 18:1-8)

Sa harap ng Kawalang-pag-asa

Ang kalagayan ng babaeng ito ay napakawalang lunas, ngunit ang pangungulit ay nagbibigay ng pag-asa mula sa kawalang pag-asa at nagbibigay ng tagumpay kung saan walang tagumpay. Pagpapakita ito na ang walang-sawa at di sumusukong pangungulit ay nagtatamo ng hangarin nito kapag ang lahat ay walang nang magawa.

Ang pasimula ng talinghagang ito ay: *"Isinalaysay ni Jesus ang isang talinghaga upang ituro sa kanila na dapat silang manalanging lagi at huwag manghinawa. (Lucas 18:1).* Alam Niya na ang mga tao ay manghihinawa sa pananalangin, kaya upang palakasin ang loob natin ay ipinakita ang larawan ng matinding kapangyarihan ng pangungulit sa panalangin.

Ang balo na mahina at walang magagawa ay larawan ng kawalang magagawa; walang anumang pag-asa at impluwensiya upang maantig ang di-makatwirang hukom, pero nagtagumpay siya dahil sa kanyang walang-pagod at nakikipaglabang pangungulit. Mailalarawan pa ba nang mas makulay ang kahalagahan ng pangungulit, ang kapangyarihan at kahalagahan ng pananalangin, kaysa rito? Dinadaig nito at inaalis ang lahat ng mga balakid, tinatalo ang bawat kalaban at tinatamo ang hangarin sa harap ng malalakas na sagabal. Wala tayong magagawa nang wala ang panalangin. Lahat ng bagay ay magagawa sa pamamagitan ng makulit na panalangin. Ito ang turo ni Jesu-Cristo.

Isa pang talinghaga ang sinabi ni Jesus ay nagpapatunay sa kaparehong katotohanan. Isang lalaki ang nagpunta sa bahay ng kanyang kaibigan isang gabi para mangutang ng tinapay. Ang pakiusap niya ay matindi, dahil sila ay magkaibigan pero ang nakakahiya at malaking pangangailangan ay nabigo. Wala siyang natanggap na tinapay, pero nanatili siya at nangulit, at naghintay at nagtamo. Ang pangungulit ay nagtatagumpay kapag ang lahat ng mga pakiusap at impluwensiya ay walang bisa.

Ang kaso ng babaeng Cananea ay isang talinghaga na may aksyon. Ipinaalam sa kanya na ayaw makipagkita si Cristo sa kaninuman. Ayaw siyang pakiharapan, at pagkaharap niya ay mukhang bale-wala siya; walang imikan at pakialam: nagpilit siya at lumapit, ang pagpupumilit at paglapit ay pinigilan ng masasakit na pananalita na Siya ay hindi isinugo para sa lahi o uri niya, na hindi ito kabilang sa Kanyang misyon. Napahiya siya nang tawaging isang aso. Pero tinanggap niya itong lahat, dinaig ang lahat, kinamit ang lahat sa pamamagitan ng kanyang pagpapakumbaba, di natitinag, di nagpapatalong pangungulit. Ang Anak ng Diyos, nalugod, nagulat, nadaig ng kanyang pangungulit na ayaw padaig, ay sinabi sa kanya: *"Napakalaki ng iyong pananalig! Mangyayari ang hinihiling mo." (Mateo 15:28).*

Sumuko si Jesu-Cristo sa pangungulit ng isang may malaking pananampalataya. *"Hindi ipagkakait ng Diyos ang katarungan sa kanyang mga hinirang na dumaraing sa kanya araw-gabi, bagamat tila nagtatagal iyon." (Lucas 18:7).*

Ibinigay ni Jesu-Cristo ang pangungulit bilang isa sa mga pangunahing kondisyon ng panalangin. Ang panalangin ng babaeng Cananea ay pagpapakita ng di matutumbasang kapangyarihan ng pangkukulit, ng isang matinding problema kalakip ang matinding lakas, pagpapatuloy at lahat ng puwersa gaya ng ipinakita noong sinaunang palaro sa Olympic.

Ang unang leksyon sa panalangin ay ang mga itinuro sa Sermon sa Bundok – *"Humingi kayo, at kayo'y bibigyan; humanap kayo, at kayo'y makasusumpong; kumatok kayo, at ang pinto'y bubuksan para sa inyo. Sapagkat tumatanggap ang bawat humihingi, nakasusumpong ang bawat humahanap, at binubuksan ang pinto sa bawat kumakatok." (Mateo 7:7-8).*

Kung walang pagpapatuloy ang panalangin ay baka hindi ito sagutin. Ang pagpapatuloy ay nalalakipan ng kakayanang manghawakan, maggiit, maghintay na may pagkasabik, di mapalagay na paghahangad at pagtitiyaga. Ang pagpapatuloy sa pananalangin ay hindi isang aksidente, subalit ang pangunahin, hindi pagganap kundi alab, hindi pangangailangan kundi pangunahing kailangan.

Ang panalangin na nasa pinakamataas nitong anyo at pinaka-magarbong tagumpay ay merong atityud ng isang wrestler o mambubuno sa Diyos. Ito ang pakikipagtunggali, pagsubok at tagumpay ng pananampalataya; isang tagumpay na hindi ligtas sa isang kaaway, kundi tagumpay na mula sa Kanya na sinusubok ang ating pananampalataya upang mapalaki niya ito: na sinusubok ang ating lakas upang gawin tayong mas malakas. Kakaunting mga bagay ang nagbibigay ng ganitong sigla ng kaluluwa. Gumagawa ito ng isang karanasan, isang kasaysayan, isang bagong kalendaryo para sa espiritu, isang bagong buhay sa relihiyon, isang pagsasanay gaya ng isang sundalo.

Mahirap, Madalian at Matindi!

Ang Biblia ay hindi napapagod sa paglalarawan ng katotohanan na ang pinakamataas na espirituwal na kabutihan ay natatamo bilang kabayaran ng espirituwal na pagsisikap. Walang puwang sa Biblia para sa mga walang kuwentang hangarin, walang saysay na pagsisikap, katamaran; lahat ay dapat pinagpapaguran, minamadali at matindi. Ang maalab na mga hangarin, masidhi at di napapagod na paggigiit ay nagpapagalak sa kalangitan. Nais ng Diyos na ang Kanyang mga anak ay mataimtim, mapagpatuloy at matapang sa kanilang mga pagsisikap. Hindi makikinig ang langit sa mga panalanging urong-sulong.

Ang ating buong pagkatao ay dapat nasa pananalangin; gaya ni John Knox, dapat nating sabihin at damahin, "Ibigay Mo po sa akin ang Scotland, o mamamatay ako!" Ang ating karanasan at kapahayagan ng Diyos ay isinisilang ng ating matinding pagsasakripisyo, maraming pagpupunyagi, maraming pananalangin. Ang pakikipagbuno, buong-gabing pananalangin ni Jacob ay lumikha ng isang panahon na hindi kailanman malilimutan sa buhay ni Jacob, nagbunsod sa pagliligtas ng Diyos, binago ang atityud at ugali ni Esau, binago ang karakter ni Jacob, nagligtas at umapekto sa kanyang buhay at lumakip sa pamumuhay ng buong bansa.

Ang ating panahon sa nagpapatuloy na panalangin ay nagpapakinis gaya ng isang diyamante sa matitigas na bahagi natin at nagmamarka sa ating karakter. Ito ang mga natatanging panahon ng ating buhay, mga paalala na tumatagal at ating binabalikan!

Ang pangungulit ay isang kondisyon ng panalangin. Dapat nating ipilit ang kahilingan, hindi sa pamamagitan ng walang kabuluhang pag-uulit-ulit, kundi dahil kailangang-kailangan. Inuulit natin at hindi binibilang kung ilang beses para matamo ang idinadalangin. Hindi natin pwedeng tigilan ang pananalangin dahil ang puso at kaluluwa ay naroon. Nananalangin tayo "nang may buong pagtitiyaga." Pinanghahawakan natin ang ating mga panalangin dahil doon tayo nabubuhay. Iginigiit natin ang ating mga kahilingan dahil dapat natin iyong kamtin o mamamatay tayo. Binibigyan tayo ni Cristo ng dalawang napaka ekspresibong talinghaga upang bigyan-diin ang kahalagahan ng pagpapatuloy sa pananalangin. Marahil ay nawasak ang Sodoma dahil hindi ipinilit nang husto ni Abraham ang kanyang pribilehiyo ng pananalangin (Gen. 18:23-32). Alam nating si Joash ay hindi nagtamo dahil itinigil niya ang kanyang paglaban (2 Hari 13:18-19).

Ang pagtitiyaga ay mahalagang mahalaga sa Diyos pati sa mga tao. Kung tumigil si Elias sa una niyang kahilingan sa kalangitan ay hindi nagkaroon ng ulan sa kanyang kaunting pananalangin (1 Hari 18:42-45). Kung tinigilan ni Jacob ang pananalangin hindi niya makakaya ang pakikipagtagpo kay Esau kinabukasan (Gen. 32:24-30). Kung ang babaeng Cananea ay hinayaang manghina ang kanyang pananampalataya sa pamamagitan ng pagtahimik, pagkahiya, pagpapalayas, o pagtigil, ang kanyang tahanang balot ng dalamhati ay hindi sana sumigla dahil sa paggaling ng kanyang anak na babae.

Manalangin at Huwag Manghinawa

Manalangin at huwag manghinawa, ang alituntunin ni Cristo na ibinibigay sa atin sa pananalangin. Ito ang pagsubok sa ating pananampalataya, mas mabigat at mas mahaba ang paghihintay, mas maluwalhati ang resulta.

Ang mga benepisyo at kahalagahan ng pagpapatuloy sa panalangin ay itinuro sa mga banal sa LumangTipan. Ang mga lalaking nananalangin ay dapat maging malakas sa pag-asa, at pananampalataya at panalangin. Kailangan nilang matutong maghintay at magpumilit, maghintay sa Diyos at maging mataimtim sa paglapit sa Kanya.

Iniwan tayo ni Abraham ng isang halimbawa ng nagpupumilit na panalangin sa kanyang maalab na pagsamo sa Diyos para sa Sodoma at Gomorra, at kung, gaya ng nabangit, hindi siya tumigil sa kanyang paghingi, marahil ang Diyos ay hindi tumigil sa Kanyang pagbibigay. May nakapagsabi, "Tumigil si Abraham nang hindi pa tumitigil ang Diyos sa pagbibigay." Itinuro ni Moises ang kapangyarihan ng pagpupumilit sa panalangin nang siya ay lumuhog para sa Israel apatnapung araw at apatnapung gabi sa pamamagitan ng pag-aayuno at pananalangin. At nagtagumpay sila sa kanilang pangungulit.

Ang turo at halimbawa ni Jesus ay naglarawan ng prinsipyo sa pagluhog at pahihintay sa Lumang Tipan. Ang bugtong na Anak ng Diyos ay pumarito mula sa Ama upang gawin ang kalooban ng Ama – Siya ay nagpailalim sa batas ng

(sundan sa pahina 6)

Darating kaya ang Revival sa pamamagitan Mo?

ni Wesley L. Duewel

Ang revival ay palaging nagmumula sa Diyos, pero dumarating din ito sa pamamagitan ng isang tao ng Diyos. Itinakda ng Diyos na ang Kanyang kaharian at Kanyang kaluwalhatian sa ilang diwa ay nakadepende sa iyo. Kung hindi mo nararanasan ang patuluyang personal na revival sa iyong sarili, hindi mo lubusang mabibigyang luwalhati ang Diyos, ang Kanyang kaharian ay magdurusa, at mawawalan ka ng gantimpalang nais igawad sa iyo ng Diyos.

Bawat dakilang pagkilos ng Diyos sa isang tunay na revival ay namamarkahan ng Kanyang paggamit sa nanaig na panalangin ng maraming *prayer warriors* sa pagsunod nila sa panawagan ng Diyos upang manalangin. May lakip din itong pahid ng langis para sa ilang piniling lider.

Kadalasan ang mga daloy ng pagpapala ng revival na nagpabago ng mga tigang na disyerto na maging mga hardin ng Diyos ay dinadaluyan ng maraming natatagong mga batis. Ang mga pundasyon para sa bawat dakilang gawa ng Diyos ay mas malalim kaysa sa nakikita ng mata.

Bago ipamalas ng Diyos ang Kanyang dakilang kapangyarihan sa mga tao, tinatawagan Niya ang Kanyang mga banal upang manalangin at magpakumbaba muna sa harapan Niya. Bago ipakita ng Diyos ang Kanyang kaluwalhatian sa Kanyang Iglesia, binibigyan Niya ang Kanyang mga anak ng uhaw na puso. Bawat pagkagutom at pagkauhaw sa puso mo para sa kapangyarihan sa revival ng Diyos ay patunay ng pagnanais ng Diyos na magpala at gumawa nang higit sa iyong maliit na pang-unawa. Bawat maalab na pagnanasa sa iyong kaluluwa ay dapat magtulak sa iyo upang manalangin, manalig at magpuri nang higit kaysa rati. Ito ay malinaw na ebidensya na nais kang gamitin ng Diyos bilang isa Niyang instrumento para sa revival.

Ang ating pinakadakilang pangangailangan ay hindi para sa mangunguna sa revival. Laging nagtitindig ang Diyos ng Kanyang mga piniling instrumento kapag ang oras niya ay dumating na. Palaging pinipili ng Diyos ang Kanyang mga tagapanguna mula sa hindi inaasahang mga lugar. Sinuman ay maaaring pinili ng Diyos sa revival kung siya ay lubos na nakasuko sa Diyos.

Walang magiging tagapanguna ng revival ng Diyos maliban siya ay pinahiran ng Diyos. Ibig sabihi'y ang kaluwalhatian at mahimalang kapangyarihan ay sa Diyos lamang. Bawat lider sa nakalipas at sa kasalukuyan sa isang totoong revival ay aaminin na hindi niya kaya o hindi siya karapatdapat sa posisyong ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos. Ginagamit ng Diyos ang mga taong kagaya nila upang lahat ng kaluwalhatian ay mapasa Diyos. Ang kailangan natin ay hindi isang dakilang lider.

Ang pinakamalaki nating pangangailangan ay mga taong gaya mo at gaya ko upang matapat na pasanin ang pananalangin. Darating lang ang revival kapag merong sapat na mga pusong gutom, sapat na lumuluhog sa panalangin, sapat na mga banal na magsisiiyak sa kanilang pananalangin, sapat na magiging desperado upang mag-ayuno at manalangin. Pinili ng Diyos ang Kanyang mga anak bilang isang liping maharlika bilang mga saserdote (Pahayag 1:6). Dapat silang maging handang lagi na manikluhod – laging nakikipagniig sa Panginoon dahil Siya'y nabubuhay magpakailanman upang mamagitan para sa kanila. (Heb. 7:25).

Maaaring iba ang piliin ng Diyos, pero mas pinili Niya na ang panalangin ng isang matuwid ay maging makapangyarihan at mabisa. Pinili Niya na hindi tayo magkakaroon hanggat hindi tayo hihingi, na hindi tayo mabubuksan ng pinto hanggat hindi tutuktok, na hindi tayo makakasumpong hanggat hindi humahanap. Laging ang Diyos ay gumagawa nang higit kaysa ating hinihingi, pero sinasabi rin Niya, *"Hindi ninyo nakakamtan ang inyong minimithi, sapagkat hindi kayo humihingi sa Diyos." (Santiago 4:2).*

Namumuhay tayo sa dispensasyon ng Espiritu Santo, sa Panahon ng Iglesia, sa panahon ng revival. Hindi pa natin lubos na nauunawaan ang lahat ng ninanais gawin ng Diyos para at sa pamamagitan ng Kanyang Iglesia. Bahagi ka ng Iglesiang iyon. Hindi mo pa talaga naiisip ang lahat ng magagawa ng Diyos sa iyo at sa pamamagitan mo. Alin sa dalawa, ang revival ay hahadlangan mo o tutulungan mo, magiging instrumento ka ng Espiritu Santo upang tulungang magkaroon ng revival o madadalamhati mo ang Espiritu Santo. Ano kaya? Hanggang saan mo handang bayaran ang halagang espirituwal upang dumating ang revival sa pamamagitan mo?

Panginoon, gamitin Mo po ang aking pagdulog sa panalangin upang ihanda ang Iyong daan para sa revival!

Hinango sa *God's Power Is For You* ni Wesley L. Duewel. Copyright 1997. Ginamit na may pahintulot ng Duewel Literature Trust, Inc., Greenwood, Indiana.

Magpatuloy sa Pananalangin

(mula sa pahina 5)

panalangin. Kung hindi Siya nanalangin nang walang panghihinawa, kung gayon ay walang naganap na transpigurasyon kasaysayan Niya at walang mga dakilang gawa. Ang Kanyang magdamagang panalangin ang pumuspos ng kahabagan at kapangyarihan sa Kanyang buong-araw na gawain. Ang walang humpay Niyang pananalangin ang nagsilbing korona ng kamatayan Niya. Natutunan Niya ang mataas na leksyon ng pagpapailalim sa kalooban ng Diyos sa mga pakikipagbaka sa panalangin bago ang Kanyang pagpapailalim sa krus.

"Gustuhin man natin o hindi," wika ni Charles Spurgeon, "ang paghingi ang batas ng kaharian." *"Humingi kayo at kayo'y bibigyan."* Ito ang batas na hindi mapapalitan kahit ninuman. Ang ating Panginoong Jesu-Cristo ang panganay na lalaki ng pamilya, pero hindi pinadali ng Diyos ang batas para sa Kanya. Tandaan ang tekstong ito: Sinabi ni Yahweh sa Kanyang sariling Anak, *"Humingi ka sa akin, at ibibigay ko sa iyo ang mga bansa na iyong pinakamana, at ang mga pinakadulong bahagi ng lupa ay Iyong pag-aari," (Awit 2:8).* Kung ang maharlika at banal na Anak ng Diyos ay hindi maaaring maligtas sa batas ng paghingi upang Siya ay makatanggap, ikaw at ako ay hindi makakaasa na mapadali ang batas na ito para sa atin. Bakit naman? Ano ang puwedeng idahilan kung bakit tayo dapat paligtasin sa pananalangin? Anong argumento at dapat tayong matanggalan ng pribilehiyo at maligtas sa pangangailangan ng pagdulog? Wala akong makita: kayo?"

"Pagpapalain ng Diyos si Elias at magpapaulan sa Israel, pero kinakailangan niya iyong idalangin. Kung yayaman ang bansang pinili ng Diyos na Israel, dapat iluhog iyon ni Samuel (1 Samuel 7:3-13). Kung ang mga Judio ay mapapalaya, dapat manalangin si Daniel. Pagpapalain ng Diyos si Pablo at ang mga bansa ay makukumberti sa pamamagitan niya, pero dapat manalangin si Pablo. Ang pananalangin ay ginawa niyang walang patid; ang kanyang mga sulat ay nagpapakita na wala siyang inasahan maliban sa idalangin iyon. Kung mapapasaiyo ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng paghingi, at walang matatamo kung hindi hihingi, sinasamo kong tingnan mo kung gaano napakahalaga ang panalangin at ipinapamanhik kong sumagana ka dito."

Walang kaduda-duda na marami sa ating pananalangin ay nabibigo dahil sa kakulangan ng pagtitiyaga. Walang apoy at alab. Ang pagtitiyaga ang diwa ng tunay na panalangin. Itinuro ni Jesus na ang pagtitiyaga ang pangunahing elemento ng panalangin. Ang mga tao ay dapat maging mataimtim kapag sila ay lumuluhod sa paanan ng Diyos.

Madalas na nanlulumo tayo at tumitigil sa pananalangin sa punto na dapat tayong magpasimula. Sumusuko tayo sa punto kung saan tayo ay dapat manghawakan nang mahigpit. Ang ating mga panalangin ay mahina dahil hindi inaapuyan ng dumadalanging di sumusuko.

Gusto ng Diyos ng mapilit na manghihingi, at pinapadalhan siya ng mga sagot na hindi sana sinagot kung hindi sa pagpupumilit, na ayaw pumayag hanggat ang hinihingi ay iginagawad.

Namamanhik para sa Hukbo ng Nakababatang *Itinerant Revivalists*

ni Richard Owen Roberts

Ilang taon na ang nakalilipas, isang minamahal na kapatid ay nangangaral sa mga pastor sa aming lugar ng Illinois, at sinabi niyang si Martin Luther ay ginamit ng Espiritu Santo bilang isang instrumento sa kumbersyon ng lahat ng mga propesor sa Wittenberg University sa Germany. Ang grupo ng mga lalaking ito, wika niya, ay nagsanay ng may 5,000 hanggang 7,000 mga kabataang lalaki sa mga dakilang prinsipyo ng repormasyon at revival, at saka pinadala sa mga lunsod at nayon ng Europa sa madaling panahon.

Sa halos kasabay na panahon, sabi pa niya, si John Calvin sa Geneva, Switzerland, ay nagsasanay din sa teolohiya at mga prinsipyo ng repormasyon at revival. Sinanay niya ang may 3,000 hanggang 5,000 mga lalaki na ipinadala naman sa mga iglesia sa Europa. Hindi ko matitiyak ang mga istadistikang ito, pero pinapalagay kong tama ang nagsabi. Siya ay siguradong isang iskolar at makadiyos na lalaki.

Walang mag-aaral ng revival ang hindi ibibilang ang repormasyon bilang isa sa mga tunay na dakilang gawa ng Diyos na tumugma sa disenyo ng revival. Isa sa mga pinakakailangan ngayon sa ating panahon, sa tingin ko, ay mga kabataang lalaking sinanay sa teolohiya at mga prinsipyo ng repormasyon at revival at saka pakakawalan sa Iglesia – mga lalaking hindi mga pastor sa maraming pagkakataon, kundi mga lalaking merong tawag mula sa Diyos tungo sa bansa upang magbalik sa Diyos. Bawat munting kubo, bawat bayan, bawat probinsiya, bawat lunsod ay nangangailangan ng mga lalaking puspos ng Espiritu na maninikluhod para sa bansa upang bumaling kay Cristo.

Marami sa atin ay sasang-ayon na ang buong balangkas ng pagmimisyon ng Iglesia sa Amerika ay babagsak kung hindi natin makikitang merong mangyari dito sa Amerika. Kung masasabi nating, "Iligtas Mo po ang Amerika upang iligtas ang mundo!" Hindi ko ibig sabihing ekslusibo ito sa atin. Ang Diyos ay may layang gamitin ang sinuman at alinmang bansang nanaisin Niya, pero sobrang pinagpala ng Diyos ang Amerika at sa biyaya ng Diyos, ang Amerikanong Cristiano ay may pusong mapagbigay. Ang potensyal na maabot ang mundo para kay Cristo sa pamamagitan ng mga pinasiglang mga Cristiano ay walang kasing halaga.

Iniisip ko lang kung merong isang pastor na determinadong isasama sa badyet ng iglesia ang suporta ng isang lalaki na tatawagan ang Amerika sa pagsisisi. Isang kabaliwan ang pagsusugo ng mga misyonero sa buong mundo at walang ginagawa upang maligtas ang Amerika. Maaaring merong mga layko na lalapit sa harapan ng Panginoon at itatanong, "Panginoon, meron po ba kayong nais ipagawa sa akin upang suportahan ang isang ministrong handang humayo at mamamanhik upang magbalik sa Diyos ang bansa?"

Malaon ko nang nais na makakita ng isang hukbo ng mga kabataang lalaki na ang mga puso ay nag-aalab para sa bansa at ibibigay ang kanilang sarili nang buong-buo sa ministeryo at hindi pababababain ang halaga ng ebanghelyo upang maglapitan lang ang makapal na tao. Kailangan natin ng mga lalaki na hindi magkokompromiso upang makakuha ng maraming pera upang bayaran ang mga bayarin, kundi mga lalaki na ang mga buhay ay lubos na ibinigay sa paglilingkod kay Cristo at sinusuportahan ng mga iglesia at mga indibidwal na nakikita ang mabuting diwa ng paggawa ng matuwid upang maligtas ang bansa. Isasapuso mo ba ito?

Tulad ni Cristo sa Kanyang Kababaan

ni Andrew Murray

"Huwag kayong gagawa ng anumang bagay dahil lamang sa hangad ninyong matanyag, bagkus magpakababa kayo at huwag ipalagay na kayo'y mabuti kaysa iba. Ipagmalasakit ninyo ang kapakanan ng iba, hindi lamang ang sa inyong sarili. Magpakababa kayo tulad ni Cristo Jesus: Na bagamat Siya'y Diyos, hindi nagpilit na manatiling kapantay ng Diyos, bagkus hinubad Niya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos, nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin. Nang maging tao, Siya'y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan, oo, hanggang kamatayan sa krus." (Filipos 2:3-8).

Sa mga taga-Filipos ay meron pa ring kataasan at paghahanap ng pagmamahal. Upang maibigay na isang halimbawa si Cristo at turuan silang ibaba ang sarili kaya ibinigay ang bahaging ito: *"magpakababa kayo at huwag ipalagay na kayo'y mabuti kaysa iba...magpakababa kayo tulad ni Cristo Jesus."* Siya na hindi pinag-aaralan ang bahaging ito ng Salita ng Diyos na merong nais na maging mababa gaya ni Cristo ay hindi ginagamit ito para sa layuning itinakda ng Diyos para dito.

Si Cristo na bumaba mula sa trono ng Diyos at tinanggap ang kahihiyan sa krus bilang tao, ay naghahayag ng tanging daan kung paano natin mararating ang tronong iyon. Ang pananampalatayang tinatanggap ang Kanyang halimbawa pati ang Kanyang pagtubos, ang totoong pananampalataya. Bawat kaluluwang talagang sumasakanya ay kinakailangang magkaroon din ng Kanyang Espiritu, ng Kanyang disposisyon at Kanyang wangis.

Dapat tayong maging kawangis ni Cristo sa Kanyang pagkalimot sa sarili at kahandaang harapin ang kahihiyan. Ang paghuhubad Niya ng Kanyang pagiging Diyos at pagsasaisantabi ng Kanyang dakilang kaluwalhatian at kapangyarihan, ay nasundan ng pagpapakababa ng sarili bilang isang tao, hanggang sa kamatayan sa krus. Dahil dito ay nagulat ang sandaigdigan at nalugod ang Ama. Ang Banal na Kasulatan sa kanyang kasimplehan ay nagsasabi sa atin na dapat tayong maging katulad ni Cristo.

Si Pablo ba at ang Kasulatan at ang Diyos ay inaasahan itong talaga sa atin? Bakit hindi? Ano pa nga ba ang iba nilang maasahan? Batid nila ang nakatatakot na kapangyarihan ng kayabangan at ang lumang Adan sa ating kalikasan. Pero alam din nila na si Cristo ay tinubos tayo hindi lamang sa sumpa kundi sa kapangyarihan ng kasalanan, at ibinibigay Niya sa atin ang Kanyang pagkabuhay na muli at kapangyarihan upang makaya nating mabuhay gaya Niya dito sa lupa. Hindi lang Siya ang ating Katiyakan, kundi halimbawa din. Hindi lang tayo mabubuhay sa pamamagitan Niya, kundi katulad Niya.

At saka, hindi lang Siya halimbawa natin, kundi Ulo natin. Nabubuhay Siya sa atin at ipinagpapatuloy sa atin ang buhay na minsan Niyang ibinuhay dito sa lupa. Sa ganitong klaseng Cristo at sa ganitong plano ng pagtubos, meron pa bang iba? Ang tagasunod ni Cristo ay dapat magkaroon ng kaisipan gaya ni Cristo, siya ay lalo nang dapat maging katulad Niya sa kababaan.

Ang halimbawa ni Cristo ay nagtuturo sa atin na hindi ang kasalanan ang siyang dapat magbaba sa atin. Ito ang akala ng maraming Cristiano. Iniisip nilang ang pangaraw-araw na pagkadapa ay kinakailangan upang tayo ay maibaba. Hindi ito totoo. Meron talagang kababaan na binubuo ng pagtanggap ng pagsalangsang at pagkukulang, na napakaganda, at napakahalaga. Pero simula lang ito ng higit pa. Merong kababaan na mas makalangit pa, katulad ni Cristo.

Pinapanatili Tayong Mababa ng Biyaya

Biyaya ang ating kailangan, at hindi kasalanan, upang tayo ay manatiling mababa. Ang mga sangang hitik sa bunga ang pinakamababa. Ang pinakamalakas na daloy ng tubig ang siyang ilog na napakalalim. Lalong lumalapit ang isang kaluluwa sa Diyos, lalo naman nitong nadarama ang pagiging maliit dahil sa kamangha-mangha Niyang presensiya. Ito lang ang dahilan upang makayanan nating ituring na mas mahusay ang iba kaysa sa ating sarili. Si Jesu-Cristo, ang Banal ng Diyos, ang ating halimbawa ng kababaan: alam na ibinigay ng Diyos Ama ang lahat ng mga bagay kay Jesu-Cristo, at Siya ay pumarito mula sa Diyos at nagtungo sa Diyos, hinugasan Niya ang paa ng mga alagad. Ang banal na presensiya, ang pamumuhay ng buhay na banal, at ang banal na pag-ibig na sumasaatin, ang siyang nagpapababa sa atin.

Maraming Cristiano ang hindi masabi ito: Hindi ko iisipin ang sa ganang sarili ko; pahahalagahan ko ang ibang tao nang higit kaysa aking sarili. Humihingi sila ng biyaya upang madaig ang kayabangan at pagmamataas pero ang lubos na pagtanggi sa sarili gaya ng kay Cristo ay napakahirap para sa kanila. Isipin ang wika ni Jesus: *"Ang nagpapakataas ay ibababa, at ang nagpapakababa ay itataas."* (Mateo 23:12); *"Ang nag-iingat ng kanyang buhay ay siyang mawawalan nito, at ang nawawalan ng kanyang buhay dahil sa Akin ay magkakamit nito."* (Mateo 10:39). Kung naintindihan lang sana nila ang malalim na katotohanan at pagpapala ng mga salitang ito, hindi sila masisiyahan sa anumang bagay na hindi inaayunan ng Panginoon patungkol dito. At makikita nilang merong paraan para mapagtagumpayan ang pagmamataas: ang makita itong nakapako sa krus ni Cristo at patuluyang nakapako doon sa pamamagitan ng Espiritu (Gal. 5:24; Roma 8:13). Lalago sa gayong kababaan ay taong buong-pusong isusuko ang sarili para mabuhay sa pakikiisa sa kamatayan ni Cristo.

Upang matamo ito, dalawang bagay ang mahalaga. Ang una ay huwag hanapin ang sarili, kundi mabuhay lamang para sa Diyos at para sa kapwa-tao. Ang isa pa ay pananampalataya na nag-aangkop ng kapangyarihan ng kamatayan ni Cristo, at siya nating kamatayan sa kasalanan at paglaya mula sa kapangyarihan nito. Ang pakikisamang ito sa kamatayan ni Cristo ang tatapos sa buhay kung saan napakalakas ng kasalanan.; ito ang pasimula ng isang buhay kung saan si Cristo ay napakalakas laban sa kasalanan.

Tanging sa turo at makapangyarihang gawa lang ng Espiritu Santo kayâ maiisip natin, matatanggap at mapanghahawakan ang katotohanang ito. Pero dapat pasalamatan ang Diyos, meron tayong Espiritu Santo. Nawa ay mapagkatiwalaan natin ang ating sarili nang lubos sa Kanyang patnubay! Gagabayan Niya tayo, dahil ito ay Kanyang gawain; luluwalhatiin Niya si Cristo sa atin. Tuturuan Niya tayong maunawaan na tayo ay patay na sa kasalanan at sa dating pagkatao, na ang buhay at kababaan ni Cristo ay sumasaatin.

Kayat ang kababaan ni Cristo ay iniaangkop sa pananampalataya. Ito ay pwedeng mangyari agad. Pero ang pag-aangkop sa karanasan ay dahan-dahan. Ang ating mga iniisip at nararamdaman, ang ating ugali at pananalita, ay matagal ding napailalim sa kapamahalaan ng dating pagkatao, kayat matatagalan upang mabago ito ng makalangit na liwanag ng kababaan ni Cristo. Sa una ang konsiyensiya ay hindi ganap na naliliwanagan. Pero sa bawat pagpapanibago ng pagsusuko ng kaluluwa, ang kapangyarihang dala ng pahayag na "Naisuko ko na ang aking sarili upang magpakababa gaya ni Jesus" ay dadaloy sa kanya. Pupuspusin nito ang buong pagkatao, hanggang sa mukha, tinig at kilos Niya ay mamasdan ang pagbabanal ng Espiritu. Ang Cristiano ay tunay na madaramtan ng kababaan.

Ang Banal na Kagandahan ng Kababaan

Ang pagpapala ng isang kababaang gaya ni Cristo ay hindi kayang sambitin. Ito ay napakahalaga sa paningin ng Diyos: *"Nagbibigay ng ligaya sa mga mapagpakumbaba." (Santiago 4:6).* Sa espirituwal na buhay ito ang pinagmumulan ng kapahingahan at kagalakan. Sa taong mapagpakumbaba lahat ng ginagawa ng Diyos ay matuwid at mabuti. Ang kababaan ay palaging handang purihin ang Diyos para sa pinakamaliliit na awa. Hindi nahihirapang magtiwala ang kababaan. Nagpapailalim ito nang walang kondisyon sa lahat ng sinasabi ng Diyos. Ang dalawang pinuri ni Jesus dahil sa kanilang malaking pananampalataya ay yaong pinakamaliit ang inisip sa ganang sarili. Sinabi ng senturyon, *"Ginoo, hindi po ako karapat-dapat na puntahan pa ninyo sa aking bahay. Sabihin po lamang ninyo at gagaling na ang aking alipin." (Mateo 8:8).* Ang babaeng Cananea ay kuntento nang tawaging isang aso (Marcos 7:27). Sa pakikisama sa mga tao, kababaan ang sikreto ng pagpapala at pag-ibig. Ang taong mababang-loob ay hindi nasasaktan at nag-iingat na huwag makasakit ng kapwa. Lagi niyang handang pagsilbihan ang kanyang kapwa dahil natutunan niya mula kay Jesus ang banal na kagandahan ng pagiging isang alipin. Nakakatanggap siya ng pabor mula sa Diyos at sa tao.

Napakagandang pagtawag para sa mga tagasunod ni Cristo! Ang isugo sa sanlibutan upang patunayan na wala nang mas banal kaysa pagpapakababa sa sarili. Ang taong mababang-loob ay nakaluluwalhati sa Diyos. Inaakay niya ang ibang tao upang luwalhatiin Siya, at sa wakas ay luluwalhatiin siya kasama Niya. Sino pa ba ang hindi magpapakababa tulad ni Jesus?

O minamahal kong Jesus, nararamdaman ko ang pangangailangan ng isang bago, isang malalim na pananaw sa Iyong pagkapako sa krus at ang aking bahagi dito. Ipakita Mo po sa akin ngayon kung paanong ang aking luma at palalong sarili ay nakapako sa krus kasama Mo. Ipakita Mo po sa akin sa tanglaw ng Iyong Espiritu Santo kung paano ako, isang isinilang na muli ng Diyos, ay patay na sa kasalanan at kapangyarihan nito, at kung paanong sa pakikisama sa Inyo ang kasalanan ay napawawalang kapangyarihan. Panginoong Jesus, na lumupig sa kasalanan, palakasin Mo po sa akin ang pananampalataya na Ikaw ang aking buhay, at pupuspusin Mo ako ng Iyong kababaan kung magpapailalim ako upang mapuspos ng Iyong Sarili at Iyong Espiritu Santo.

Mula sa *Like Christ* ni Andrew Murray.

"Dumating ka Nawa, Panginoong Jesus!"

Ang isang maingat na mag-aaral ng Kasulatan ay hindi maiiwasan ang kumbiksyon na mula nang kunin si Jesus sa Kanyang mga kaibigan, sila ay naghintay at nagbantay para sa Kanyang muling pagparito. Nang pumanaog sila sa libingan, ang kanilang pananalig at pag-asam sa Kanyang pagbabalik ay iniwan nilang pamana para sa mga magsisisunod sa kanila.

Ang mga taga Tesalonica, halimbawa, ay inilarawan bilang mga *"Sila rin ang nagsabing tinalikdan na ninyo ang pagsamba sa mga diyus-diyusan upang maglingkod sa tunay at buhay na Diyos, at maghintay sa kanyang Anak na si Jesus. Siya ang muling binuhay na magbabalik mula sa langit at magliligtas sa atin sa darating na poot ng Diyos." (1 Tesa. 1:9-10).* Ang mga naunang Cristianong ito ay naghintay sa pagdating ni Jesus mula sa langit.

Sinabi niya sa Kanyang mga alagad patungkol sa Kanyang muling pagdating: *"Ngunit walang nakakaalam ng araw at oras ng pagsapit niyon, kahit ang mga anghel sa langit, o ang anak man – ang Ama lamang ang nakaaalam nito." (Mateo 24:36),* at muli, *"Sumagot Siya, 'Ang mga panahon at sandali ay itinakda ng Ama sa kanyang sariling kapangyarihan, at hindi na kailangan upang malaman ninyo kung kailan iyon."* (Mga Gawa 1:7).

Kayat hindi ipinahayag maging sa mga Apostol kung kailan Siya magbabalik, pero sila man ay tinuruan at inatasang turuan ang iba na Siya'y patuloy na hintayin. Habang ang Iglesia sa lahat ng panahon ay kumakatawan sa isang katawan at babaeng pakakasalan ni Cristo, matuwid na ugali ng babaeng pakakasalan na laging hintayin ang pagdating ng Lalaking Ikakasal.

Binantayang mabuti ng Ama ang posibilidad na baka malaman natin ang tiyak na oras ng pagbabalik ng ating Panginoon. Hangad Niya na iyon ay maging pinakaaasam na pag-asa bilang Cristiano. Habang binibigyan natin ito ng palaging atensyon, ilalayo tayo nito sa pakikisama sa sanlibutan at iingatan tayo sa mga kaguluhan at ilalapit tayo sa Kanya.

"Tiyak na nga! Darating na ako!" ang huling nasambit ni Cristo na nasulat sa Kasulatan (Pahayag 22:20). Pero marami sa Kanyang mga alagad ay tumigil nang mag-antay sa Kanya, at marahil, tumigil na ring nasain Siya! Kung tunay tayong Cristiano, ang dapat mamutawi sa ating mga labi ay, *"Dumating na nga kayo Panginoong Jesus." "Ang langit ang tunay nating bayan. Mula roo'y hinihintay nating may pananabik ang Panginoong Jesu-Cristo, ang ating Tagapagligtas. Pagdating ng araw na yaon, babaguhin Niya ang ating katawang-lupa at gagawing maluwalhati, tulad ng Kanyang katawan, sa pamamagitan ng kapangyarihang ginamit Niya sa pagpapasuko sa lahat ng bagay." (Filipos 3:20-21).*

Isinaayos mula sa Maranatha: *The Lord Cometh* ni James H. Brookes.

Ang ating mga pamilya para sa Diyos...

Pag-abot, Pagtulong at Pananalangin para sa Isang Henerasyon ng Revival

ni Kim Butts

Labis sa 50% ng populasyon ng daigdig ngayon ang wala pa sa 15 ang edad. Ipinakikita ng mga pag-aaral na kung ang isang tao ay hindi pa natatanggap si Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon sa edad na 15, ang tsansa na mangyari ang desisyong ito ay bababa sa paglipas ng panahon! Subalit ipinapakita din ng mga pag-aaral na ang Iglesia ay nagbibigay sa pangkalahatan ng higit na porsyento ng atensyon, pokus, pondo at pagpaplano sa mga nakatatanda.

Makakapag-ukol tayo ng pagsusuri sa takbo nito, at sa pag-alam kung bakit ganito: pero, upang makapagbigay ng lalo pang kaluwalhatian sa Ama, dapat nating pag-isipan ang reyalidad ng sitwasyong ito at umaksyon para dito. Kung tunay tayong mga Cristiano na nagnanasang kumpletuhin ang Dakilang Utos bilang indibduwal, pamilya at Iglesia, dapat pagliwanagin ang ilaw ni Cristo sa susunod na henerasyon nang may higit na alab at ningas.

Ang istadistika ng senso noong 2001 ay nagpakita na 15 pababa na populasyon ng Estados Unidos ay mas mababa (sa 21%) kaysa istadistikang pandaigdig na 52%. Ito ay sanhi ng pinalawak na kalingang pangkalusugan na nagtataas ng haba ng buhay ng mga matatanda, at aborsyon na tumapos ng mga buhay ng milyong mga di pa isinisilang. Kayat sa kultura natin ang mga bata ay mas maliit na bahagdan ng ating lipunan kaysa ibang lugar sa mundo. Marahil dahil dito ang bansa natin ang nasa pinakainam na posisyon upang umabot sa mga bata sa buong daigdig, hindi natin nalalaman na ang pinakamalaking kinikilalang grupo ng mga di pa naabot sa buong mundo ay mga bata.

Napakahalaga sa Diyos ang mga bata. Naglalagay Siya ng malaking pagpapahalaga sa kanilang espirituwal na paglago, at binibigyan sila ng mataas na halaga at atensyon sa buong pahina ng Kanyang Salita. Nagnanasa siyang gumawa sa at sa pamamagitan nila. Dinidinig Niya at sinasagot ang mga panalangin nila. Ipinapahayag Niya ang katotohanan at mga misteryo ng Kanyang Salita sa kanila. At, naniniwala ako, Siya ay naghahanda nang ibuhos ang revival sa pamamagitan nila – ngunit hinihintay Niyang gumising ang Iglesia sa kaseryosohan ng oras na ito, at kilanlin kung paanong napabayaan natin ang kanilang espirituwal na kondisyon.

Ano ang dapat nating gawin upang matulungan, mapalakas at maalpasan sa ministeryo ang mga kabataang ito na ninanais gamitin ng Diyos upang palawakin ang Kanyang kaharian dito sa lupa? At pagkatapos, ano ang dapat nating gawin upang maabot ang mga nawawalang mga bata at kabataan ng susunod na henerasyon? Malinaw na sinabi sa atin ni Jesus *"Humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-utos ko sa inyo." (Mateo 28:19-20a).* Maingat na tingnan ang depinisyon ng salitang "sila" at kilalanin na kabilang dito ang 52% ng populasyon ng mundo na mababa sa 15 ang edad. Kinakailangan silang maabot. Kinakailangan silang sanayin at turuan upang maabot nila ang espirituwal na potensyal na inilatag sa kanila ng Diyos. Kinakailangan nating abutin ang mga bata at mga kabataan upang abutin naman din nila ang ibang mga bata at kabataan! Ito ang henerasyon ng revival, na ang paglago ay napipigilan ng Iglesia.

Bilang Iglesia, dapat nating pagsisihan ang malungkot na kondisyon at sumulong na may alab. Dapat nating turuan at palakasin ang mga magulang at mga lolo at lola, at lahat ng mga nakatatanda (dahil ang pagpapalaki sa mga nakababata ay responsibilidad ng bawat Cristiano). Dapat nating tingnan ang mga nakababata sa katulad na pagkakita sa kanila ng Diyos! Hindi Niya nakikita ang mga bumibigkas ng panalangin. Nakikita Niya ang mga sundalong nananalangin. Hindi Niya nakikita ang Iglesia ng kinabukasan – nakikita Niya ang Iglesia sa kasalukuyan... at ito ay panlahat ng henerasyon! Pakaisiping mabuti ang sumusunod na mga talata ng Kasulatan:

Nagbibigay ng Alituntunin ang Diyos sa mga Magulang at mga Lolo at Lola

1. Na turuan ang mga bata na magtiwala at sundin ang Kanyang mga utos.

- Awit 78:1-7. *"Kayo ngayon ay makinig sa turo ko, mga anak, inyong dinggit' ulinigin, salita kong binibigkas; Itong aking sasabihin ay bagay na talinghaga, nangyari pa noong una, kaya ito'y mahiwaga. Ito'y aming narinig na, kaya naman aming alam, nagbuhat sa aming nuno na sa ami'y isinaysay; Sa sarili naming anak ito'y hindi ililihim, ito'y aming isasaysay sa sunod na lahi namin; Ang bagay na tinutukoy ay lubhang kahanga-hanga na si Yahweh ang gumanap, mga gawa n'yang dakila. Mayron siyang patotoo na kay Jacob napalagak, mayro'n siyang kautusang sa Israel iniatas, ang utos sa ating nuno, dapat nilang ipatupad, ituturong lagi ito, sa kanilang mga anak. Sa lahat ng lahi nila ito'y dapat na iaral, at ang angkang susunod pa ay marapat na turuan. Sa ganito, masusunod nilang lagi yaong utos, ang matatag na pag-asa'y ilalagak nila sa Diyos, at ang dakila niyang gawa'y hindi nila malilimot. Sa kanilang mga nuno, hindi dapat na pumaris, na matigas ang damdaming sa Diyos ay naghimagsik; isang lahing dimarunong magtiwala at magtiis, ang pag-asa ay marupok at kulang ang pananalig."*
- Deuteronomio 4:9-10. *"Ngunit kailingat kayo. Ang mga bagay na inyong nasaksihan ay huwag ninyong kalilimutan o ipagwawalang-bahala habang kayo'y nabubuhay; ituro ninyo ito sa inyong mga anak at mga apo. Huwag ninyong kalilimutan ang sinabi ni Yahweh nang kayo'y nasa harap ng Bundok ng Horeb: 'Tipunin mo sa harapan Ko ang buong bayan. Ituturo Ko sa kanila ang Aking mga utos upang magkaroon sila ng takot sa Akin habang sila'y nabubuhay; itututuro naman nila ito sa kanilang mga anak.'"*

2. Na ibigin Siya nang lubos at kunin ang bawat pagkakataon upang magturo at upang maging halimbawa sa kanilang mga anak.

- Deuteronomio 6:4-9 *"Dinggin ninyo mga Israelita: Si Yahweh lamang ang Diyos. Ibigin ninyo Siya nang buong puso, kaluluwa at lakas. Ang mga utos Niya'y itanim ninyo sa inyong isip. Ituro ninyo ito sa inyong mga anak; sa loob at labas ng inyong tahanan, sa oras ng paggawa at pamamahinga, sa lahat ng lugar at sa lahat ng panahon. Ipulupot ninyo ito sa inyong mga kamay bilang tanda, itali sa inyong noo, isulat sa mga hamba ng inyong pinto at mga tarangkahan."*
- Deuteronomio 11:19-21 *"Ituro ninyo ito sa inyong mga anak: sa loob at labas ng inyong bahay, sa oras ng paggawa at pamamahinga, sa lahat ng lugar at sa lahat ng panahon. Isulat ninyo ito sa inyong mga pintuan upang kayo at ang inyong mga anak ay mabuhay nang matagal sa lupaing ibibigay niya sa inyo."*

3. Na ibahagi ang mahimala at makapangyarihang mga gawa ng Diyos sa kanilang mga anak.

- Exodo 10:2. *"Ginagawa ko ang mga kababalaghang ito upang masabi ninyo sa inyong mga anak, kung anong mga bagay ang ginawa ko sa mga Egipcio at sa gayo'y malalaman ninyong lahat na ako si Yahweh."*
- Exodo 12:26-27. *"Kapag itinanong ng inyong mga anak kung bakit ninyo ginagawa ito, sabihin ninyong ito'y pag-alaala sa Paskuwa ni Yahweh nang lampasan niya ang bahay ng mga Israelita at sugutan niya ang mga Egipcio." Nang masabi ito ni Moises, nanikluhod ang buong bayan at sumamba sa Diyos."*

4. Na sabihin sa kanilang mga anak ang tungkol sa katapatan ng Panginoon at bigyan Siya ng papuri para doon!

- Isaias 38:19. *"Mga buhay lamang ang makapagpupuri sa Iyo, tulad ng ginagawa ko ngayon, tulad din ng ama sa mga anak ang itututuro ay ang katapatan."*

5. Na ialay ang kanilang sambahayan sa paglilingkod sa Panginoon.

- Josue 24:15. *"At kung ayaw ninyong maglingkod kay Yahweh, sabihin ninyo kung kanino kayo maglilingkod: sa diyus-diyusang sinamba ng inyong mga ninuno sa Mesopotamia, o sa mga diyus-diyusan ng mga Amorreo, na sinasamba dito sa lupaing inyong tinatahanan. Ngunit ako at ang aking angkan ay kay Yahweh lamang maglilingkod."*

6. Na gugulin ang anumang kinakailangang oras upang sanayin ang kanilang makadiyos na mga anak.

- Kawikaan 22:6. *"Ituro sa bata ang daang dapat niyang lakaran, at hanggang sa paglaki'y di niya ito malilimutan."*

7. Na huwag hayaang mahulog sa kasalanan ang kanilang mga anak.

- Mateo 18:6. *"Mabuti pa sa isang tao ang siya'y bitinan ng isang malaking gilingang-bato sa leeg at ihulog sa laot ng dagat kaysa maging sanhi ng pagkakasala ng isa sa maliliit na ito na nananalig sa akin."*

Hindi maganda ang nagawa natin patungkol sa mga ito dahil napatunayang kahit naniniwala ang mga magulang na sila ang pinagkukunan ng espirituwal na paglago ng kanilang mga anak, hindi sila gumugugol ng oras sa loob ng sanlinggo upang ipasa sa kanila ang mga prinsipyong espirituwal. Umaasa na lang sila sa Iglesia para magbigay ng lahat ng espirituwal na pagsasanay sa kanilang mga anak (Charisma Magazine, July 2003).

Hangad ng Diyos ang isang pagkakaisa ng lahat ng henerasyon sa Katawan ni Cristo

1. Kapag tumatawag ang Diyos ng pulong panalangin ng Kanyang mga anak, iyon ay para sa lahat ng henerasyon.

- Joel 2:16 *"Tawagin ninyo ang mga tao para sa isang banal na pagtitipon. Tipunin ninyo ang lahat, matatanda't bata, pati mga sanggol at maging ang mga bagong kasal."*

2. Plano ng Diyos na ibuhos ang Kanyang Espiritu Santo sa mga bata at matatanda.

- Joel 2:28 *"Ibubuhos ko ang Aking Espiritu sa lahat ng tao: isasaysay ng inyong mga anak ang Aking mga salita; sari-sari ang mapapanaginip ng matatandang lalaki at makakakita ng mga pangitain ang inyong mga kabataang lalaki."*

3. Inihahanda ng Diyos ang Kanyang Pinagisang katawan upang maging babaeng pakakasalan ni Cristo.

- Malakias 4:5-6 *"Ngunit bago dumating ang nakahihindik na araw ni Yahweh, isusugo ko sa inyo si Propeta Elias. Muling magkakalapit ang loob ng mga ama't mga anak. Kung hindi'y mapipilitan Akong pumariyan at wasakin ang inyong bayan."*
- Lucas 1:17 *"Mauuna siya sa Panginoon, taglay ang espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang pagkasunduin ang mga ama at ang mga anak, at panumbalikin sa daan ng matuwid ang mga suwail. Sa gayon, ipaghahanda niya ng isang bayan ang Panginoon."*

4. Hangad ng Diyos na patuluyin ng mga matatanda ang mga bata sa kalagitnaan nila.

- Mateo 18:5 *"Ang sinumang tumatanggap sa isang batang ganito dahil sa Akin ay Ako ang tinatanggap."*

Ipinapahayag ng Diyos ang Plano Niyang Kumilos sa at sa pamamagitan ng mga bata

1. Itinakda ng Ama ang papuri at panalangin ng mumunting bata para talunin ang kaaway.

- Awit 8:2 *"Aawitang lagi niyong mga bata, na wala pang malay at sariling diwa. Matibay namuog Ikaw ay naghanda laban sa kaaway, kalabang masama."*
- Mateo 21:15-16 *"Nagalit ang mga punong saserdote at ang mga eskriba nang makita ang mga kababalaghang ginawa Niya, at ang mga batang sumisigaw sa loob ng templo, "Mabuhay ang anak ni David!" At sinabi kay Jesus, 'Narinig mo ba ang sinasabi nila?' "Naririnig ko," tugon ni Jesus. "Hindi pa ba ninyo nababasa ang ganitong pangungusap sa Kasulatan: 'Mula sa bibig ng mga sanggol at mga pasusuhin ay pinapamutawi mo ang wagas na papuri?'"*

2. May mga balak ang Diyos na ipapahayag lamang sa mga bata.

- Mateo 11:25-26 *"Nang panahong ito'y sinabi ni Jesus, 'Pinasasalamatan kita, Ama, Panginoon ng langit at lupa, sapagkat inilihim mo ang mga bagay na ito sa marurunong at matatalino at inihayag sa mga may kaloobang tulad ng sa bata. Oo, Ama, sapagkat gayon ang ikinalulugod mo."*

3. Ipinapakita ng Diyos kung paanong ang bawat tao ay dapat lumapit sa Kanya na may kababaan tulad ng mga bata.

- Mateo 18:1-4 *"Nang sandaling iyo'y lumapit kay Jesus ang mga alagad at nagtanong, 'Sino po ang pinakadakila sa kaharian ng langit?" Tinawag ni Jesus ang isang bata, pinatayo sa harapan nila, at sinabi, 'Tandaan ninyo ito: kapag hindi kayo nagbago at tumulad sa mga bata, hinding-hindi kayo mabibilang sa mga pinaghaharian ng Diyos. Ang sinumang nagpapakababa na gaya ng batang ito ay siyang pinakadakila sa mga pinaghaharian ng Diyos."*

4. Nagbibigay ang Diyos ng ispesyal na pagpapala sa mga bata.

- Mateo 19:15 *"Ipinatong Niya sa kanila ang kanyang kamay, saka umalis.*

Sa Mateo 19:14, *"Datapwat sinabi ni Jesus, 'Hayaan ninyong lumapit sa Akin ang mga bata. Huwag ninyo silang hadlangan, sapagkat sa mga katulad nila naghahari ang Diyos."* Gaya ng binanggit, 52% ng populasyon ng mundo ay mababa sa 15 ang edad. Kayat napakahalaga na huwag natin silang hadlangan. Bilang isang bansa, bagsak tayo sa ating responsibilidad na sanayin sa espirituwal ang mga bata. Ang ating mga halimbawa ay mahina dahil hinayaan natin ang ating pagiging abala na nakawin ang ating oras sa pag-aaral sa Salita, panalangin, pagbubulay, at iba pang espirituwal na disiplina. Bawat henerasyon ay palagiang itinitindig nang walang espirituwal na pagtuturo sa tahanan. Ang mga bata ay kakaunti ang pagkakataon upang lumago sa kaalaman at karunungan ni Cristo dahil walang sinumang magtuturo o magdidisipulo sa kanila. Ang kaharian ng Diyos ay para sa kanila. Paano natin maaasahang matupad ang Dakilang Utos nang walang malakihang pagbabago ng isip? Sinabi sa atin ni Jesus na, *"Kaya, humayo kayo at gawin ninyong alagad Ko ang lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-utos ko sa inyo. Tandaan ninyo: Ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan.'" (Mateo 28:19-20)* Paano ba magiging posible ito kung mismong mga anak natin ay hindi natin kayang abutin? Mangangailangan ito ng isang iglesiang pinasiglang-muli ng Espiritu.

Tugon sa Panalangin para sa mga Pamilya

Paano ba natin bilang nananalanging pamilya, maitataas ang mga magulang at mga anak ng ating bansa at ng daigdig at idalangin na makilala nila si Jesus at pagkatapos ay sanayin at tulungan upang abutin ang iba para sa Kanyang kaharian bilang panlahat na henerasyon at kumpletong katawan ni Cristo? Narito ang ilang mungkahi:

1. Idalangin ang isang malakas at solidong pamilya na may dalawang magulang at ang kabanalan ng kasal.
2. Idalangin ang mga anak na nasa panganib sa larangan ng abuso, aborsyon, sapilitang pagtatrabaho, kahirapan, atb.
3. Idalangin ang mga magulang, mga lolo at lola at lahat ng katandaan sa Iglesia na kunin ang responsibilidad para pagsasanay at pagkalinga ng mga bata at mga kabataan.
4. Idalangin na ang mga di nakakakilala kay Jesus ay lumapit sa Kanya!
5. Idalangin ang Iglesia na tumindig at manungkulan bilang katawan ng Diyos para sa lahat ng henerasyon gaya ng intensyon dito.
6. Manalangin na dalawin at pahiran ng langis ng Espiritu Santo ang mga bata.
7. Manalangin para sa pagwasak ng mga bitag na inilatag ng kaaway sa harapan ng mga bata sa pamamagitan ng media, laro, libro, atbp.
8. Manalangin para sa mga makadiyos na tagapagturo at pagdidisipulo sa Iglesia.
9. Manalangin para sa revival! Sa pamamagitan lang ng mga indibiduwal na pinasiglang muli ng Espiritu, mga pinasiglang pamilya, na magagawa ng isang pinasiglang iglesia na abutin ang mga diligtas na indibidwal at mga pamilya sa loob at sa labas ng ating simbahan.

Ang Iglesia ni Cristo ay walang porma at kulang. Siya ay magiging handa at maganda kung buo ang katawan – ang matatanda at mga bata ay gumaganap ng tungkulin sa kapuspusan ng Espiritu Santo upang magawa ang mga plano at layunin ng Diyos! Dalangin ko na gamitin tayo ng Diyos para dito upang Siya ang mabigyan ng lahat ng kaluwalhatian at parangal

PAUNAWA

KUNG MAGPAPADALA PO KAYO NG KALOOB UKOL DITO SA GAWAIN NG PANGINOON, MANGYARI PO LAMANG NA ISULAT SA TSEKE O MONEY ORDER SA PANGALAN NG CHANNELS OF BLESSING MINISTRIES.

MARAMING SALAMAT PO
CHANNELS OF BLESSING MINISTRIES
P.O. BOX 38021
Agora Complex Bldg., Village East, Executive Homes, Cainta, Rizal 1900

Republic of the Philippines
PHILIPPINE POSTAL CORPORATION

SWORN STATEMENT